**ANG BISA SA PAGSULAT NG MALIKHAING KATHA SA KAKAYAHANG KOMUNIKATIBO SA FILIPINO NG MGA INTERMEDYANG MAG-AARAL**

---

**Isang Tesis**

Iniharap sa

Kaguruan ng Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

**SAMAR COLLEGE**

Lungsod ng Catbalogan

---

Bilang Bahagi ng mga

Gawaing Itinakda para sa Kursong

**MASTER SA SINING NG EDUKASYON**

(Filipino)

---

**FATIMA A. TAMBOR**

Marso 2017

# D A H O N N G P A G P A P A T I B A Y

Ang pananaliksik na ito na pinamagatang "**ANG BISA SA PAGSULAT NG MALIKHAING KATHA SA KAKAYAHANG KOMUNIKATIBO SA FILIPINO NG MGA INTERMEDYANG PAG-AARAL**", na ginawa at isinumite ni **FATIMA A. TAMBOR** ay inirerekomenda sa isang pasalitang pagsusulit.

**CARMELITA C. ABDURAHMAN, Ed.D.**
Tagapayo

---

Pinagtibay ng Komite ng Pasalitang Pagsusulit noong **Marso 12, 2017** na may gradong **PASADO**.

**NIMFA T. TORREMORO, Ph.D.**
Dekana, Kolehiyo ng Edukasyon
Chairman

**NATALIA B. UY, Ph.D.**
Retiradong Dekana
Samar College
Miyembro

**ROSARIO E. RESMA, M.A.Ed.**
Guro
Samar National School
Miyembro

**FERNANDO V. MACABARE, JR, MAT**
Guro
Eastern Visayas Regional Science High School
Miyembro

**ALLAN L. DACLES, M.A.Ed.**
Guro
Motiong National High School
Miyembro

---

Tinanggap bilang bahagi ng mga gawaing itinakda para sa degring **MASTER SA SINING NG EDUKASYON**, midyur sa Filipino.

**NIMFA T. TORREMORO, Ph.D.**
Dekano, Kolehiyo ng Edukasyon

Petsa ng Pasalitang Pagsusuri

**Marso 12, 2017**

# P A G K I L A L A

Walang katapusang pagbibigay at pagpaparamdam ng pasasalamat at pagkilala sa mga taong nag-udyok na ipagpatuloy at tapusin ang pag-aaral na ito. Sa kanilang kontribusyon na matapos at mapagtagumapayn ang gawaing ito, lubos na nagpapasalamat ang mananaliksik.

Sa Dekana ng Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral, Samar College, **Dr. Nimfa T. Torremoro**, sa pagbibigay ng malalim na pagtalakay sa paksa ng pag-aaral sa pamamagitan ng mga mahahalagang suhestiyon bilang Tagapangulo ng Pasalitang Pagsusulit.

Sa Tagapayo ng mananaliksik, **Dr. Carmelita C. Abdurahman**, sa pagbibigay ng mahalagang panahon, kagalingan, at talino upang maisagawa ng maayos at mapagtagumpayan ang pananaliksik na ito.

Sa bumubuo ng Lupon ng Pasalitang Pagsusulit, **Dr. Natalia B. Uy, Ginang Rosario E. Resma, Ginoong Fernando C. Macabare**, at **Ginoong Allan L. Dacles**, sa kanilang mapagbuong puna na nagsilbing batayan upang maisaayos ang suliranin ng kasalukuyang pag-aaral ayon sa kanilang mga suhestiyon sa panahon ng pasalitang pagsusulit.

Sa mga guro at sa mga mag-aaral sa Intermedya ng Paaralang Elementarya ng Lagundi sa paglalaan ng kanilang panahon na sagutin ang talatanungan at pagsusulit na

nagsilbing mga datos para sa kasalukuyang pag-aaral. Taos pusong pasasalamat para sa kanilang kawilihan, panahon, at kaalaman sa pagsagot sa mga instrumento ng kasalukuyang pananaliksik.

Sa Kalihim ng Lupon ng Pasalitang Pagsusulit, **Binibining Manilyn O. Serpajuan**, sa kanyang pasensya sa pagsusulat ng mga suhestiyon ng mga miyembro ng lupon na nagsilbing matibay na batayan sa isinagawang pagrerebisa sa manuskrito ng mananaliksik.

Sa **Dakilang Panginoong Hesus**, sa kanyang paggabay, pagbibigay lakas at talino, at panahon na maisakatuparan ang kasalukuyang pananaliksik.

**F.A.T.**

# P A G H A H A N D O G

Ang pag-aaral na ito ay taos pusong inihahandog sa mga mag-aaral na siyang sentro ng edukasyon sa buong sanlibutan.

Sa kanilang pagpapakita ng interes at dedikasyon sa pag-aaral.

Sa mga kapwa kong guro na walang hinangad kundi ang kapakanan ng kanilang mga mag-aaral.

At para sa gurong bukas ang isipang tanggapin ang iba't ibang uri ng interbensyon upang mas lalong mapaunlad at mapaigting ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang gawain kong ito ay taos pusong iniaalay sa aking pamilya at higit sa lahat sa POONG MAYKAPAL.

**Fatima**

# T E S I S A B S T R A K



| | | |
|---|---|---|
| **Pamagat ng Tesis** | : | **ANG BISA SA PAGSULAT NG MALIKHAING KATHA SA KAKAYAHANG KOMUNIKATIBO SA FILIPINO NG MGA INTERMEDYANG MAG-AARAL** |
| **May-Akda** | : | **FATIMA A. TAMBOR** |
| **Wikang Ginamit** | : | Filipino |
| **Uri ng Pananaliksik** | : | Tesis |
| **Disiplina** | : | Filipino |
| **Programa** | : | Master sa Sining ng Edukasyon<br>Edukasyon |
| **Buong Titulo ng Degri** | : | Master sa Sining ng Edukasyon (Filipino) |
| **Taon ng Pagkompleto** | : | Marso 2017 |
| **Keywords** | : | Bisa<br>Pagsulat<br>Malikhaing Katha<br>Kakayahang Komunikatibo<br>Intermedyang Mag-aaral |



---


Ang kasalukuyang pananaliksik ay naglayong tayain ang bisa sa pagsulat ng malikhaing katha sa paglinang ng kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga Intermedyang mag-aaral sa Paaralang Elementarya ng Lagundi, Lungsod ng Catbalogan, sa Taong Panuruan 2016-2017. Sangkot sa pag-aaral na ito ang kabuuang 44 na mga mag-aaral sa Intermedya, kung saan ang 25 ay kabilang sa pangkat eksperimental at ang 19 ay kabilang sa pangkat kontrol.

Ayon sa kinalabasan ng pag-aaral, ang tamtamang gulang ng mga babaeng mag-aaral na tagasagot ay tinaya sa 11.38 taong gulang, samantalang ang tamtamang gulang ng mga lalaki ay tinaya sa 10.48 taong gulang; 21 o 47.73 bahagdan ay mga babae at ang 23 o 52.28 bahagdan ay mga lalaki; 37 o 84.09 bahagdan ay kabilang sa mga pamilyang may tamtamang buwanang kita na nasa Php 5,600.00 at pababa; 29 o 65.91 bahagdan ay may tatay na may lebel ng elementarya bilang sanligang edukasyon, at ang 30 o 68.19 bahagdan ay may mga nanay na nasa lebel ng elementarya; at 16 o 36.37 bahagdan ay may mga tatay na magsasaka, at 29 o 65.91 bahagdan ay may mga nanay na karaniwang maybahay lamang.

Sa karagdagan, ang 19 o 43.19 bahagdan na mga mag-aaral ay nakapagtamo ng grado sa Filipino sa Unang Markahan na 80-84, na binigyang kahulugan bilang satisfactory na pang-akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, at may tamtaman na tinaya sa 80.09, at SD na 2.76. Napag-alaman din sa pag-aaral na ang mga mag-aaral sa PK at PE ay parehong nagtala ng mababang iskor sa pang-unang pagsusulit kanilang kakayahan sa pagsulat ng malikhaing katha. Sa karagdagan, ang mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) ay parehong nagtala ng mataas na iskor sa pang-huling pagsusulit sa pagsulat ng malikhaing katha. Mayroong mahalagang pagkakaiba sa tinayang

iskor sa pang-huling pagsusulit ang mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE).

Sa huli, mayroong mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ayon sa aspetong pakikinig at pagsasalita, at pagbasa ang mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) batay sa kanilang mga iskor sa pang-huling pagsusulit.

## TALAAN NG MGA NILALAMAN


| | Pahina |
|---|---|
| **DAHONG PAMAGAT** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . | i |
| **DAHONG PAGPAPATIBAY** . . . . . . . . . . . . . . . . . | ii |
| **PAGKILALA** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . | iii |
| **PAGHAHANDOG** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . | v |
| **TESIS ABSTRAK** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . | vi |
| **TALAAN NG MGA NILALAMAN** . . . . . . . . . . . . . . . | ix |
| **TALAAN NG MGA TALAHANAYAN** . . . . . . . . . . . . . . | xii |
| **TALAAN NG MGA FIGURA** . . . . . . . . . . . . . . . . | xiv |

**Kabanata**

| | | |
|---|---|---|
| **1** | **ANG SULIRANIN AT SANLIGAN NITO** . . . . . . | 1 |
| | Panimula . . . . . . . . . . . . . . . . | 1 |
| | Paglalahad ng Suliranin . . . . . . . . | 4 |
| | Mga Ipotesis . . . . . . . . . . . . . . | 6 |
| | Batayang Teyoretikal . . . . . . . . . . | 7 |
| | Batayang Konseptwal . . . . . . . . . . | 10 |
| | Kahalagahan ng Pag-aaral . . . . . . . . | 13 |
| | Saklaw at Delimitasyon . . . . . . . . . | 16 |
| | Katuturan ng mga Talakay . . . . . . . . | 17 |
| **2** | **PAGSUSURI NG KAUGNAY NA MGA LITERATURA AT PAG-AARAL** . . . . . . . . . . . . . . . . | 22 |
| | Kaugnay na mga Literatura . . . . . . . | 22 |
| | Kaugnay na mga Pag-aaral . . . . . . . . | 33 |

**3 METODOLOHIYA** . . . . . . . . . . . . . . . . 43

Disenyo ng Pananaliksik . . . . . . . . . 43

Lokal ng Pag-aaral . . . . . . . . . . . 45

Instrumentasyon . . . . . . . . . . . . 47

Balidasyon ng Instrumento . . . . . . . 49

Paraang Sampling . . . . . . . . . . . . 52

Paglikom ng mga Datos . . . . . . . . . 52

Paglalapat Estadistika ng mga Datos . . 53

**4 PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS** . . . . . . . . . . . . . . 58

Profayl ng mga Mag-aaral na Tagasagot . 58

Bisa sa Pagsulat ng Malikhaing Katha sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . 66

Pagkakaiba sa Pagsusulat ng Malikhaing Katha ng mga Mag-aaral na Tagasagot . 70

Pagkakaiba sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot ayon sa Kanilang mga Profayl Baryet . 72

Mahalagang Pagkakaiba sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Dalawang Pangkat ayon sa kanilang Iskor sa Pang-una at Pang-huling Pagsusulit . . . . . . . 78

Mga Implikasyon ng Pag-aaral . . . . . . 84

**5 LAGOM NG KINALABASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON** . . . . . . . . . . . . . . 86

Lagom ng Kinalabasan . . . . . . . . . . 86

Mga Konklusyon . . . . . . . . . . . . . 98

Mga Rekomendasyon . . . . . . . . . . . 99

**TALASANGGUNIAN** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 101

**MGA APENDIKS** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 106

A Liham Pahintulot sa Pagpapatibay ng Suliranin . . . . . . . . . . . . . . . . 107

B Liham Pagtatakda ng Tagapayo . . . . . . . . 108

C Liham Panimula ng Talatanungan . . . . . . . 109

D Talatanungan para sa mga Mag-aaral . . . . . 110

E Pagsusulit sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino . . . . . . . . . . . . . . . . . 111

F Talahanayan ng Ispesipikasyon . . . . . . . . 118

G Liham Kahilingan para sa Iskedyul ng Pasalitang Pagsusulit . . . . . . . . . . 119

**KURIKULUM VITA** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 120

## TALAAN NG MGA TALAHANAYAN


| Talahanayan | | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Talahanayan ng Reliability ayon kay Ebel . . | 51 |
| 2 | Ang mga Mag-Aaral na Tagasagot . . . . . . . | 52 |
| 3 | Gulang at Kasarian ng mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . . . . . . . . . . . | 59 |
| 4 | Tamtamang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . . . . . | 61 |
| 5 | Sanligang Edukasyon ng mga Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . . . . . | 62 |
| 6 | Hanapbuhay ng mga Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . . . . . . . . . . | 63 |
| 7 | Grado sa Filipino sa Unang Markahan ng mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . . . . . | 65 |
| 8 | Iskor ng mga Mag-aaral sa Pang-Unang Pagsusulit sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino . . . . . . . . . . . . . . . . . | 67 |
| 9 | Iskor ng mga Mag-aaral sa Pang-Huling Pagsusulit sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino . . . . . . . . . . . . . . . . . | 68 |
| 10 | Paghahambing sa Pagsusulat ng Malikhaing Katha ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental | 71 |
| 11 | Paghahambing sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Pangkat Kontrol ayon sa kanilang mga Baryet . . . | 73 |
| 12 | Paghahambing sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Pangkat Eksperimental ayon sa kanilang mga Baryet | 76 |
| 13 | Paghahambing sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot ayon sa kanilang Iskor Sa Pang-Unang Pagsusulit . . . . . . . . . . . . . . . . | 78 |

14 Paghahambing sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot ayon sa kanilang Iskor Sa Pang-Huling Pagsusulit . . . . . . . . . . . . . . . . . 81

## TALAAN NG MGA FIGURA


| Figura | | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Ang Batayang Konseptwal ng Pag-aaral . . . | 11 |
| 2 | Ang Mapa ng Lokal ng Pag-aaral . . . . . . | 46 |

**Kabanata 1**

## ANG SULIRANIN AT ANG SANLIGAN NITO

### Panimula

Ang Saligang Batas ng 1987 ng Republika ng Pilipinas sa Artikulo XIV ay nagsaad na ang Estado ay mag-aaruga at ibubunsod ang karapatan ng lahat ng mamamayan na magkaroon ng de-kalidad na edukasyon sa lahat ng antas at gagawa ng nararapat na mga hakbang na ang edukasyon ay makamtan ng lahat ng mamamayan. Kaugnay nito, ang pamahalaan ay naglalayong magkaroon ng de-kalidad na mga mag-aaral. Sa pagtamo nito, kailangan ang mga guro na itinuturing na liwanag sa silid-aralan at sa napakaraming responsibilidad na mula sa pinaka-simple patungo sa pinaka-kumplikado. Ang guro ay dapat magkaroon ng mataas na kaalaman sa mga layunin at pamantayan ng kurikulum, kasanayan sa pagtutuo, kawilihan, at pagpapahalaga sa mga mithiin ng edukasyon at ng mga mag-aaral (De Juan, 2013:1).

Sa panahong ito, isang hamon sa bawat guro at mag-aaral ang pagsulat. Sa katunayan, maraming mag-aaral ang nakararanas ng matinding alalahanin kung paano nga ba sisimulan ang pagsusulat. Kung minsan ang mga mag-aaral ay nakararanas ng pagkabagot o kawalan ng interes sa pagsusulat na ang nagiging malinaw na dahilan ay ang pagbuo ng magandang

ideya na angkop sa paksang naiisip. Maaaring ito ay bunga ng maling konsepto at mahinang estratehiya sa pagtuturo ng pagsusulat. Kadalasan ay naapektuhan ng mga kahinaang ito ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusulat. Kaugnay nito, isa sa mga napatunayang dahilan na nabigyang solusyon ay ang kahinaan ng mga guro sa pagtuturo sa pagsulat (Badayos, 2006:112).

Ngunit, hindi pa rin maiwasan ang tradisyunal na pagtuturo sapagkat ito ang kinagisnan at kinalakihan ng mga guro at mga mag-aaral. Ang tradisyunal na pagtuturo ay nakatuon sa guro bilang taga kontrol sa mga mag-aaral. Sa ganitong paraan ng pagtuturo, nasa guro ang responsibilidad at sa kanya ang paraan at mga estratehiyang gagamitin sa pagtuturo sa mga mag-aaral. Sa ganitong sitwasyon, hindi maiiwasan na ang tinatagong galing, talino, at talento ng mga mag-aaral ay hindi nahahasa at nalilinang. Sa karagdagan, nagkakaroon din ng problema sa impormasyong inilalahad ng guro dahil sila ay nakabase sa mga sinaunang nakalimbag na aklat (Nevak, 2006:47).

Kaugnay sa naunang nabanggit na mga talata, hindi sapat ang kakayahang komunikatibo upang magamit ng mabisa ang wika. Kailangan mapili ng tagapagsalita o tagasulat ang angkop na estratehiya upang masabi kung ano, kanino, kailan, at saan ang isang malikhaing katha. Mahalaga rin ang kaalamang

kultural na nakaapekto sa pag-unawa at pagbibigay kahulugan sa nais isaad ng sumusulat ng isang malikhaing katha (Gumperz, et al., 1985:17).

Kaugnay nito, pangunahing layunin sa pagtuturo ng wika ay ang paglinang sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ang isang mabisang komunikeytor sa Filipino ay yaong nagtataglay ng kasanayang makro sa wika. Bukod pa rito, dapat na nagtataglay ng kabatiran at kasanayan sa apat na sangkap ng kakayahang komunikatibo gaya ng gramatikal, sosyo-lingwistik, diskorsal, at istratejek (Canale at Swain 1980:40).

Ang kakayahang komunikatibo sa wika ng mga mag-aaral ay dapat na malinang lalo na sa pagsusulat ng malikhaing katha. Ang malikhaing katha ay isang uri ng pagsusulat na gumagamit ng wika sa imahinatibo at kapansin-pansing mga pamamaraan. Ang malikhaing katha ay ang pinakamabuting sining ng paggawa ng mga bagay-bagay sa pinaka-nakakaakit, pinaka-angkop pinaka-mapanghikayat na paraan. Ito ay ang pagsasabi ng mga kasinungalingan o imahinasyon upang maghayag ng maliwanag at madilim na katotohanan hinggil sa ating kinalalagyan sa daigdig. Dahil sa mga katangiang ito maraming mga guro ang nag-iisip na ang pagtuturo ng pagsulat ng malikhaing katha ay lubhang napakahirap na gawain lalo na ang masusing pag-unawa nito (http://www.literaturewaleo.org, Pebrero, 4, 2017).

Subalit, ang pagsusulat ng malikhaing katha ay hindi madaling matamo ng mga mag-aaral kung kaya't kinakailangang ihanda sila ng kanilang mga guro sa pagsusulat ng malikhaing katha. Masasalamin ang kahandaan ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng mga malikhaing katha sa pamamagitan ng mga maraming gawaing inihahanda ng mga guro para sa pagsusulat. Sa pagsusulat mapapagana ang imahinasyon ng isang mag-aaral. Nangangahulugan lamang na ang malikhaing katha ay isang paksang makatutulong sa paglinang ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral (Rozakis, 1997:4).

Samantala, mahalagang malinang ang imahinasyon ng mga mag-aaral upang makapagsulat ng malikhaing katha na siya ring magiging dahilan sa paglinang ng kanilang kakayahang komunikatibo. Ito ang nagbunsod sa mananaliksik upang gumawa ng isang pag-aaral na naglalayong tuklasin ang bisa ng pagsulat ng malikhaing katha sa paglinang ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Layon din ng kasalukuyang mananaliksik na makapagbigay ng lokal na kaalaman hinggil sa pagsusulat ng malikhaing katha na ito ay ginagawa hindi lamang sa dahilang pang-akademiko at teknikal, kung hindi para sa pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.

## Paglalahad ng Suliranin

Ang kasalukuyang pananaliksik ay naglayong tayain ang bisa sa pagsulat ng malikhaing katha sa paglinang ng

kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga Intermedyang mag-aaral sa Paaralang Elementarya ng Lagundi, Lungsod ng Catbalogan, sa Taong Panuruan 2016-2017.

Sa katiyakan, sinagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa sumusunod na mga varyet:

   1.1 gulang at kasarian;

   1.2 tamtamang buwanang kita ng pamilya;

   1.3 sanligang edukasyon ng mga magulang;

   1.4 hanapbuhay ng mga magulang; at

   1.5 grado sa Filipino sa Unang Markahan?

2. Ano ang bisa sa pagsulat ng malikhaing katha sa kakayahang komunikatibo sa Filipino batay sa iskor ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) sa:

   2.1 pang-unang pagsusulit; at

   2.2 panghuling pagsusulit?

3. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba sa pagsusulat ng malikhaing katha ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental ayon sa kanilang iskor sa:

   3.1 pang-unang pagsusulit; at

   3.2 panghuling pagsusulit?

4. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa

pangkat kontrol at pangkat eksperimental ayon sa kanilang mga profayl varyet?

5. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental ayon sa kanilang iskor sa:

5.1 pang-unang pagsusulit; at

5.2 panghuling pagsusulit?

6. Anong mahalagang implikasyon ang maaaring makuha batay sa kalalabasan ng pag-aaral?

**Mga Ipotesis**

Batay sa nabuong suliranin sa pananaliksik na ito, ang sumusunod na mga ipotesis ay sinubok:

1. Walang mahalagang pagkakaiba sa pagsusulat ng malikhaing katha ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental ayon sa kanilang iskor sa:

1.1 pang-unang pagsusulit; at

1.2 panghuling pagsusulit.

2. Walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental ayon sa kanilang mga profayl varyet.

3. Walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa

pangkat kontrol at pangkat eksperimental ayon sa kanilang iskor sa:

5.1 pang-unang pagsusulit; at

5.2 panghuling pagsusulit.

**Batayang Teyoritikal**

Ang kasalukuyang pag-aaral ay batay sa mga sumusunod na teorya: Social Learning Theory ni Bandura, Constructivist Theory ni Vygotsky, at Transfer of Learning Theory ni Thorndike.

Ang kasalukuyang pag-aaral ay nakabatay sa Social Learning Theory ni Bandura. Ang nasabing teorya ay nagsasaad na mahalaga ang pagmamasid at pagmomodelo ng mga pag-uugali, saloobin, at emosyunal na reaksyon. Sa karagdagan, karamihan sa mga pag-uugali ng mga tao ay natututunan sa pamamagitan ng pagmamasid at paggaya sa mga tinaguriang ehemplo. Sa kalaunan, ang mga pag-uugali na nakita sa mga ehemplo ay ginagaya at ginagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay. Kung kaya't ang pag-uugali ay tinitingnan bilang isang patuloy na gantihang interaksyon sa pagitan ng kognitibo, mga pag-uugali, at impluwensiyang pang-kapaligiran. Mayroong sangkap ang nasabing teorya: a) atensyon sa mga sitwasyon at mga kaganapan na ginagawang ehemplo; b) pagpapanatili ng mga simbolikong alituntunin, kognitibong pag-oorganisa, at iba pang kasanayang motor; c) pagpapaunlad ng kakayahang motor

kagaya ng pisikal na abilidad, sariling pagmamasid sa pagpapaunlad ng mga ito, at ang katiyakan ng fidbak; at d) pagganyak (Bandura, 1977:63-78).

Batay sa nasabing teorya, ang isang tao ay natututo sa pamamagitan ng sosyal na konteksto na interaksyon sa kapaligiran kung saan siya nakatira. Kaugnay nito, ang mga mag-aaral ay natututo magsulat ng mga malikhaing katha, sa katiyakan, at makipag-komunikasyon, sa pangkalahatan, mula sa iba sa pamamagitan ng pagmamasid, panggagaya, at pagmomodelo. Ang isang tao ay natututo sa kanyang pagmamasid, susundan ito ng panloob na kaisipan ng isang mahalagang mekanismo sa pagproseso ng bagay. Sa huli, ang kapaligiran ng mga mag-aaral ang pinakamatibay na salik na nakaimpluwensiya sa pagkatuto at pag-uugali ng isang tao kabilang na ang pagpapaunlad sa kakayahang komunikatibo.

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay din sa Constructivist Learning Theory ni Vygotsky. Ayon sa teoryang ito, ang mga batang mag-aaral ay mayroon nang pagkatuto bago pa man sila magsimulang pumasok sa pormal na edukasyon. Ang pinakatuon ng nasabing teorya ay ang paggiya sa mga mag-aaral tungo sa pinakamataas na antas ng pag-unawa at lohikal na mga kakayanan. Ayon pa dito, ang mga guro ay dapat na aktibong nakikilahok sa pagkatuto ng mga mag-aaral dahil sila ang gumagawa ng konteksto ng pagkatuto na siyang humihikayat sa

mga mag-aaral na makilahok sa mga gawaing nagbibigay inspirasyon upang sila ay mas lalong matuto sa klase. Datapwat, ang isang guro ay marapat lamang na siyang magbigay ng tuon upang linangin ang mga kasanayan sa pagsasalita ng Wikang Filipino tungo sa makabagong panahon ng mga nagpapakadalubhasa sa Filipino (Vygotsy, 1978:83-86).

Alinsunod sa nabanggit na teorya, ang mga mag-aaral ay aktibong nakikilahok sa kanilang pagkatuto, samantalang ang kanilang mga guro ay nagbibigay lamang ng mga pagkakataon upang padaliin ang kanilang pagkatuto sa pamamagitan ng paglinang sa kanilang mga kakayahan sa loob ng klasrum. Masasabing ang mga mag-aaral mismo ang sentro ng edukatibong proseso dahil sila mismo ang likas na lumilinang sa kanilang taglay na kognitibong kakayahan. Sa larangan ng pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral, ipinapanukala ng mga mag-aaral na sa kanilang sariling pagtuklas sa bisa ng pagsusulat ng malikhaing katha, maaari nilang pagyamanin ang nasabing kakayahan (https//www.ldpride.net, Pebrero 5, 2017).

Ang ikatlong teorya na ginawang batayan ng kasalukuyang pananaliksik ay ang Transfer of Learning Theory ni Thorndike. Ang nasabing teorya ay nagpanukala na ang paglipat ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay tumutukoy sa kanilang kakayahan na iakma ang kaalaman sa isang konteksto patungo sa isang bagong konteksto. Ang paglipat ng pagkatuto ay nangyayari

kung ang mag-aaral ay kumikilala sa mga karaniwang tampok ng pagkatuto kagaya ng konsepto, kasanayan, at mga prinsipyo; at naiuugnay ang nasabing kaalaman sa memorya at nakikita ang halaga ng paggamit ng natutunan sa isang sitwasyon tungo sa panibagong sitwasyon (Thorndike at Woodworth, 1901:247-261).

Ayon sa nasabing teorya, ang paglilipat ng pagkatuto ng paksa ay hango sa dating kaalaman ng mga mag-aaral. Ang nakuhang kabatiran, kasanayan at konsepto, pang-unawa, saloobin at pagpapahalaga ay nakatutulong sa pagtamo ng pagkaturo sa mga paksang aralin na maaaring kaharapin ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral ay maaaring malinang sa pamamagitan ng pag-arok sa dating kaalaman ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng pagsusulat ng malikhaing katha ay isang malaking hakbang upang makabisa ng mga mag-aaral ang dating kaalaman sa pagkatuto na maaaring nalimutan na sa tagal ng panahon.

Ang tatlong teoryang nabanggit sa pag-aaral na ito ay nagsilbing matibay na pundasyon upang mas lalong paigtingin ang kasalukuyang pananaliksik. Ang mga nasabing teorya ay nagsilbing mahalagang kabatiran para sa mananaliksik na ayusin ang pagtataya sa suliranin ng kasalukuyang pag-aaral.

## Batayang Konseptwal

Ang Figura 1 ay nagpapakita ng batayang konseptwal ng pag-aaral.





**Figura 1.** Ang Batayang Konseptwal ng Pag-aaral

Makikita sa paanan ng iskema ang maliit na parisukat na kahon na naglalaman ng mga mag-aaral sa Intermedya ng Paaralang Elementarya ng Lagundi na siyang naging tagasagot ng kasalukuyang pananaliksik. Ang ibabang kahon ay iniugnay sa isang malaking parisukat na kahon na naglalaman ng tatlong parihabang kahon.

Ang parihabang kahon sa pinakadulong kaliwa at kanang bahagi ng malaking kahon ay naglalaman ng profayl varyet ng mga mag-aaral na tagasagot sa parehong pangkat kontrol at pangkat eksperimental. Kabilang sa mga varyet ay ang gulang at kasarian, tamtamang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang at grado sa Filipino sa Unang Markahan. Ang parihabang hugis sa gitna ng malaking kahon ay nagpapakita ng bisa sa pagsulat ng malikhaing katha sa kakayahang komunikatibo sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa at pagsulat.

Mahihinuha sa malaking kahon na ang kasalukuyang pag-aaral ay naglayong tayain ang pagkakaiba sa pagsusulat ng malikhaing katha ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental ayon sa kanilang iskor sa pang-unang pagsusulit at panghuling pagsusulit; pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental ayon sa kanilang mga profayl varyet; at pagkakaiba sa kakayahang

komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental ayon sa kanilang iskor sa pang-unang pagsusulit at panghuling pagsusulit.

Ang malaking kahon ay iniuugnay sa isang maliit na kahon sa itaas nito sa pamamagitan ng isang palaso pataas. Ang kahong ito ay naglalaman ng kinalabasan at implikasyon ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng mga putol-putol na linya na nag-uugnay sa kinalabasan ng pag-aaral at sa mga mag-aaral na tagasagot at lokal ng pag-aaral sa pinaka-ibabang bahagi ng iskema, masisigurado ang pagtatamo ng pinaunald na kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral na matatagpuan sa pinakatuktok ng iskema.

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Ang mga kinalabasan ng pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga mag-aaral, guro, administrador sa paaralan, mga miyembro ng komite sa kurikulum, magulang, at mga mananaliksik.

**Sa mga Mag-aaral**. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay na magdudulot ng kamulatan sa mga mag-aaral na msyroong nakalaang proseso o estratehiya upang matamo ang mataas na kakayahang komunikatibo sa pamamagitan ng pagsulat ng mga malikhaing katha. Ang pag-aaral din na ito ay magbibigay ng malawak na pagkakataon sa mga mag-aaral na mahasa ang kanilang kakayahan na magsulat ng mga malikhaing

katha. Sa kalaunan, mas mapapaunlad ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahang komunikatibo sa Filipino.

**Sa mga Guro**. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magbibigay ng pagkakataon sa mga guro na paunlarin ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga takdang gawain na tutuon sa pagsusulat ng mga malikhaing katha. Sa pamamagitan ng kasalukuyang pananaliksik, mabibigyang daan ng mga guro ang pagpapaunlad ng kanilang pansariling kabatiran sa paggamit ng iba't ibang estratehiya upang pag-ibayuhin ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.

**Sa mga Administrador sa Paaralan**. Ang mga kinalabasan sa kasalukuyang pananaliksik ay magsisilbing tagapaggising upang bigyan ang kanilang mga guro ng mga nauukol na salingkurang pagsasanay sa paggamit ng malikhaing katha sa pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral din na ito ay magbibigay sa mga administrador sa paaralan ng panahon upang rebisahin ang kasalukuyang estratehiyang gamit ng mga guro sa pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, magkakaroon sila ng matibay na batayan upang magsagawa ng mga mungkahi sa mga nakakataas na opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon.

**Sa mga Miyembro ng Komite sa Kurikulum**. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magbibigay ng batayang impormasyon sa

mga miyembro ng komite sa kurikulum hinggil sa kasalukuyang antas ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Dahilan nito, sila ay magagabayan sa pagpapanukala ng mga gawaing magiging tiyak na paraan upang mas lalong mapaunlad ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Magkakaroon din sila ng pagkakataong rebisahin ang kasalukuyang kompetensi na nagbibigay ng katuparan sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, maaaring baguhin ang mga kompetensi nang naaayon sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral at ang kanilang mga pangangailangan sa pagkatuto.

**Sa mga Magulang**. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay sa mga magulang na magsagawa ng mga pambahay na gawain na makatutulong sa mga mag-aaral na mas lalong paunlarin ang kanilang kakayahang komunikatibo.

**Sa mga Mananaliksik**. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magbibigay ng matibay na pundasyon sa mga mananaliksik na magsagawa ng mga kahalintulad na pananaliksik kabilang ang mga mag-aaral sa ibang grado o antas. Maaari ring magbigay ng inspirasyon sa mga mananaliksik ang kinalabasan ng pag-aaral na ito na magsagawa ng panubaybay na pag-aaral upang mabigyang tulong ang mga taong sangkot sa pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral kagaya ng mga guro, mga administrador sa paaralan, at mga miyembro ng komite sa kurikulum.

## Saklaw at Delimitasyon

Ang kasalukuyang pananaliksik ay naglayong tayain ang bisa sa pagsulat ng malikhaing katha sa paglinang ng kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga Intermedyang mag-aaral sa Paaralang Elementarya ng Lagundi, Lungsod ng Catbalogan.

Kabilang sa mga tinaya sa pag-aaral na ito ay ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental kagaya ng gulang at kasarian, tamtamang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang at grado sa Filipino sa Unang Markahan. Sa karagdagan, sinuri rin ang bisa sa pagsulat ng malikhaing katha sa kakayahang komunikatibo sa Filipino batay sa iskor ng mga mag-aaral na tagsagot sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) sa kanilang pang-unang pagsusulit at panghuling pagsusulit. Ang kakayahang komunikatibo na sinuri sa kasalukuyang pag-aaral ay ang mga sumusunod: pakikinig, pagsasalita, pagsusulat, at pagbasa.

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng isang talatanungan at pagsusulit upang makalap ang mga datos. Ang pangkat kontrol ay binuo ng 19 na mga mag-aaral na tagasagot samantalang ang pangkat eksperimental ay binuo ng 25 mag-aaral na tagasagot.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Taong Panuruan 2016-2017.

**Katuturan ng mga Talakay**

Sa bahaging ito ay nilinaw ng mananaliksik ang kahulugan ng ilang mga salita na ginamit sa pag-aaral na ito. Para sa ikauunawa ng mga karaniwang mambabasa ng pananaliksik na ito, ibinigay ang konseptwal at operasyunal na depinisyon.

**Bisa**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa kakayahang makapaglikha ng inaasam na resulta o ang kakayahang makalikha ng inaasam na resulta (Drucker, 2006:81). Sa pag-aaral na ito, ang salitang ito ay ginamit upang tayain ang epekto o resulta ng paggamit sa malikhaing katha sa paglinang ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral batay sa kanilang mga iskor sa pang-una at panghuling pagsusulit.

**Filipino**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa pambansang wika ng Pilipinas na pinagtibay ng Saligang Batas ng 1987 na kasalukuyang nililinang, pinagyayaman at pinayayabong sa pangangalaga ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) (Atas Republika Blg. 7104). Ang salitang ito ay ginamit sa pag-aaral na ito bilang ang asignaturang Filipino na kabilang sa pormal na edukasyon mula sa batayang edukasyon hanggang kolehiyo.

**Intermedyang Mag-aaral**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa mga mag-aaral na nakatala sa tatlong huling grado sa elementarya, kabilang ang nasa Ika-apat, Ikalima, at Ika-anim na Grado sa antas elementarya (https://www.deped.gov.ph,

Pebrero 12, 2017). Sa pag-aaral na ito, ito ay tumutukoy sa mga mag-aaral mula sa Paaralang Elementarya ng Lagundi na nakatala sa Taong Panuruan 2016-2017 na siyang piniling maging kalahok sa kasalukuyang pananaliksik.

**Kakayahang Komunikatibo**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa paggamit ng wika sa iba pang tiyak na pagkakataon (Fantini, 2004:18). Sa pag-aaral na ito, ang salitang ito ay sumaklaw sa apat na makrong kasanayan sa wika kagaya ng pagbasa, pagsulat, pagsasalita, at pakikinig na nilayong tayain sa bisa ng pagsulat ng malikhaing katha.

**Malikhaing Katha**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa isang uri ng pagsulat na gumagamit ng wika sa imahinatibo at kapansin-pansin na pamamaraan (Rozakis, 1997:4). Sa kasalukuyang pag-aaral ito ay ginamit sa parehong konteksto kung paano ito binigyang konseptwal na pagpapakahulugan, subalit, ito ay tiyak na ginamit bilang isang indekeytor sa pagtataya ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral na tagasagot.

**Pagbasa**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa pagkilala ng mga simbolo o sagisag ng nakalimbag at pagpapakahulugan sa mga ideya o kaisipan na gusto ng manunulat na ilipat sa kaisipan ng mambabasa (https://www.slideshare.net, Pebrero 11, 2017). Sa pag-aaral na ito, ang salitang ito ay ginamit bilang isa sa mga makrong kasanayang pangwika na indekeytor

ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral na tagasagot na isa sa mga aspetong tiningnan upang mataya ang bisa sa paggamit ng malikhaing katha.

**Pagsasalita**. Ito ay tumutukoy sa berbal na paggamit ng bibig bilang mekanismo sa pagbigkas upang maihayag ng isang tao ang kanyang ideya, paniniwala, at nadarama sa pamamagitan ng paggamit ng wikang mauunawaan ng kanyang kausap (Calderon, 2013:47). Sa pag-aaral na ito, ang salitang ito ay ginamit bilang isa sa mga makrong kasanayang pangwika na indekeytor ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral na tagasagot na isa sa mga aspetong tiningnan upang mataya ang bisa sa paggamit ng malikhaing katha.

**Pagsulat**. Ito ay tumutukoy sa isang komprehensib na kakayahan na malaman ang wastong gamit ng mga salita, talasalitaan, pagbubuo ng kaisipan, retorika, at iba pang elemento (Villafuerte, et al., 2005:11). Sa pag-aaral na ito, ang salitang ito ay ginamit bilang isa sa mga makrong kasanayang pangwika na indekeytor ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral na tagasagot na isa sa mga aspetong tiningnan upang mataya ang bisa sa paggamit ng malikhaing katha.

**Pakikinig**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa kakayahang nakapaloob sa kakayanang unawain ang diin at bigkas, balarila, at talasalitaan at pagpapakahulugan sa nais iparating ng tagapagsalita (https://www.slideshare.net,

Marso 4, 2017). Sa pag-aaral na ito, ang salitang ito ay ginamit bilang isa sa mga makrong kasanayang pangwika na indekeytor ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral na tagasagot na isa sa mga aspetong tiningnan upang mataya ang bisa sa paggamit ng malikhaing katha.

**Panghuling Pagsusulit**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa pagsusulit na ibinibigay pagkatapos isagawa ang pagtuturo ng mga aralin upang mataya kung hanggan saan ang kaalaman ng mga mag-aaral at upang tiyakin ang magiging kakayahan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng aplikasyon ng mga kasanayan (Merriam-Webster, 1982:767). Sa pag-aaral na ito, ito ay ang pagsusulit na ibinigay sa mga mag-aaral na tagasagot pagkatapos maituro ang mga aralin hinggil sa malikhaing katha upang masukat ang bisa sa paggamit nito sa pagpapaunlad sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral na tagasagot.

**Pangkat Kontrol**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa batayang sukat; kahawig sa pangkat eksperimental sa lahat ng aspetong tinataya o sinusubok ngunit hindi tumatanggap ng eksperimental na manipulasyon (Myers at Hansen, 2012:23). Sa pag-aaral na ito, ito ay tumukoy sa pangkat ng mga mag-aaral na tagasagot na sumailalim sa tradisyunal na paraan ng pagkakamit ng kakayahang komunikatibo.

**Pangkat Eksperimental**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa pangkat na tumatanggap ng elementong susubukin sa isang

eksperimento (Myers at Hansen, 2012:23). Sa kasalukuyang pag-aaral, tumukoy ito sa pangkat ng mga mag-aaral na tumanggap ng paggamit ng malikhaing katha upang mapaunlad ang kanilang kakayahang komunikatibo.

**Pang-unang Pagsusulit**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa isinasagawang pagsusulit bago isagawa ang isang eksperimento upang matiyak ang batayang kaalaman o kahandaan sa mga karanasang pang-edukasyon ng mga mag-aaral (Merriam-Webster, 1982:891). Sa pag-aaral na ito, ito ay tumukoy sa instrumentong ginamit bago isagawa ang eksperimentasyon hinggil sa bisa sa paggamit ng malikahaing katha sa pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral na tagasagot.

**Panonood**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa isang proseso ng pagmamasid ng manonood sa palabas, video recording at iba pang biswal na midya upang magkaroon ng pang-unawa sa mensahe o ideya na nais iparating nito; isang proseso ng pagkilala at pagtanto ng tao sa lahag ng bagay sa kanyang kapaligiran sa pamamagitan ng kanyang pisikal na kakayahang tumingin, magmasid o sumuri sa lahat ng mga aspetong tinutulungan ng isip ng tao at kanyang damdamin (Merriam-Webster, 1982:908). Ang salitang ito ay ginamit sa pag-aaral na ito kung paano ito binigyang konseptwal na pagpapakahulugan.

## Kabanata 2

## PAGSUSURI NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng ginawang pagsusuri sa mga kaugnay na literatura at pag-aaral na tumalakay sa kakayahang komunikatibo, bisa sa paggamit ng malikhaing katha, at iba pang mga kahalintulad na paksa o ideya mula iba't ibang sanggunian kagaya ng mga aklat, dyornal, peryodiko, iba pang babasahin, mga nalathala at di-nalathalang materyal kagaya ng tesis at disertasyon.

### Kaugnay na mga Literatura

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga sinuring literature na nakapagbigay ng makabuluhang nilalaman hinggil sa paksa ng pag-aaral, at nakapag-ambag nang maayos na linangin ang mga tiyak na katanungan sa paglalahad ng suliranin ng kasalukuyang pag-aaral.

Ang pakikipagkomunikasyon o pakikipagtalasatasan ay karaniwang bahagi ng buhay kung kaya't ito ay hindi maihihiwalay sa sangkatauhan. Sa pamamagitan nito, ang mga tao ay nakakapagpahayag ng kanilang mga ideya sa pasalita o pasulat na kaparaanan. Kaugnay nito, binigyang diin ang ideyang kung ang metodo ng komunikasyon ay wala sa mga institusyong pantao tulad ng industriya, relihiyon, pamahalaan at edukasyon, ang komunikasyon ay hindi magiging

possible. Kaya naman sa sistemang pang-edukasyon ay mahalagang malinang ng mga mag-aaral ang kakayahang komunikatibo. Sa pamamagitan nito, ang mga ideyang nananatili sa isipan ay lalong magiging makapangyarihan kung lalapatan pa ng isang kapangyarihan, ang kapangyarihan ng komunikasyon (Torres at Reyes, 2010:6-15).

Sa karagdagan, ang terminong kakayahang komunikatibo o communicative competence ay nagmula kay Hymes at umusbong noong 1966 bilang reaksyon sa konseptong kakayahang lingguwistika o linguistic competence na ipinakilala ni Chomsky noong 1965. Dapat malaman ng nagsasalita ang paraan ng paggamit ng wika ng lingguwistikang komunidad na gumagamit nito upang matugunan at maisagawa ito nang naaayon sa kanyang layunin. Ang paggamit ng wika nang wassto sa mga angkop na sitwasyon upang maging maayos ang komunikasyon, maipahatid ang tamang mensahe, at magkaunawaan ng lubos, maipahatid ang tamang mensahe, at magkaunawaan ng lubos ang dalawang taong nag-uusap. Kapag umabot na rito, masasabing ang taong ito ay nagtataglay ng kakayahang pangkomunikatibo at hindi na lang basta kakayahang lingguwistika o gramatikal. Kaya naman, siya ay maituturing na isa nang mabisang komyunikeytor (Dayag at Del Rosario, 2009:149).

Samantala, sa paglalayong bigyan ng madaling palatandaan ang kakayahang komunikatibo, binuo ang akronim na SPEAKING.

Ang bawat isang titik ay nakalaan sa iba't ibang elemento na dapat isipin sa pagkakaroon ng epektibong pagpapahayag. Ang titik S ay kumakatawan sa settings o saan nag-uusap, ang P ay para sa participants o sino ang nag-uusap, ang E ay para sa ends o ano ang layon ng pag-uusap, ang K ay para sa keys o pormal o di-pormal ba ang usapan, I para sa instrumentalities o pasalita o pasulat ba, N para sa noun o ano ang paksa ng pag-uusap, at G para sa genre o kung nagsasalaysay ba, nakikipagtalo o nagmamatuwid.

Samantala, sa silid-aralan nagaganap ang pagkatuto at paglinang sa kakayahang komunikatibo ng mga Pilipino. Dito nangyayari ang pormal na pagkatuto ng wika mula sa kayarian o gramatika ng wika tulad ng mga bahagi ng pananalita, wasto at tamang gamit ng bantas, pagbabaybay, ponolohiya, morpolohiya at iba pang teknikal na aspeto ng wika. Nasusukat ang kakayahang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral bilang abilidad sa angkop na paggamit ng mga pangungusap batay sa hinihingi ng isang interaksyong sosyal. Sa karagdagan, ito ay ipinapahiwatig sa pamamagitan ng tatas sa pagsasalita ng wika ng mga mag-aaral, kakayahang umunawa, at makagamit ng tamang salita o wika sa angkop na pagkakataon lalo na sa mga awtentikong sitwasyon.

Binigyang kahulugan din ang kakayahang komunikatibo bilang kabuuang kaalaman at kasanayan na nakakatulong sa

tagapagsality sa epektibong pakikipagkomunikasyon sa wastong kontekstong panlipunan. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng pagpili ang tagapagsalita sa mga salitang kanyang gagamitin sang-ayon sa kung sino ang kanyang kausap, paano ipapahayag ang kaisipan, saan ginaganap ang pag-uusap at ano ang kanyang sitwasyong kinakaharap (Foster, 1992:169).

Sa sistemang pang-edukasyon sa Pilipinas, ang paglulunsad ng programang K to 12 Kurikulum, layunin ng pagtuturo ng Filipino na malinang ang kakayahang komunikatibo. Upang maabot ang ganitong kasanayang pangkomunikatibo, nangangailangan nang higit na partisipasyon ng mga mag-aaral sa mga gawaing lilinang ng makrong kasanayan tulad ng pagsasalita, pagbasa, pakikinig at pagsulat. Isa sa mga gawaing may kinalaman sa apat na makrong kasanayan ay ang pagsulat ng mga malikhaing katha. Sa mga gawaing ganito nasusubok ang kakayahang pangkomunikatibo ng mga batang manunulat mula sa pagsulat ng mga malikhaing katha (Batayang Kurikulum sa Filipino, 2013).

Sa huli, ang katawagang komunikatibong kasanayan ay unang iminungkahi ni Hymes bilang pagsalungat sa matatag na pahayag ni Chomsky na ang kasanayan ay kailangang tanging iugnay sa kaalaman ng mga tuntunin ng balarila ng mga katutubong tagapagsalita o mga kaayusang pumapailalim sa paggamit ng alituntuning panglingwistika bilang iba kaysa

pagganap na siyang aktuwal na paggamit ng wika. Batay sa katibayan ng mga istilo, mga rehistring maimpluwensiya sa pamamagitan ng larangan, kaugnay ng kahulugan, paksa, mga kalahok, mga pinagmulan at iba pang nararamdaman may maraming baryabol ang pumapasok sa ordinaryong komunikasyon na hiwalay mula sa pagsasa-alang-alang ni Chomsky sa kanyang makitid na konsepto ng kasanayan.

Sinasabing ang pagsusulat ay isang uri ng komunikatibong kasanayan at interaktibong kagalingang nalilinang ng isang tao mula noon hanggang sa kasalukuyan. Isa itong pambihirang gawaing pisikal at mental. Dahil dito, isinasagawa ang nais ipahayag sa tulong ng paglilipat ng kaalaman sa isang papel o anumang kagamitang maaaring pagsulatan. Samantala, ang pagsulat ay magsisimula ang pagka-kritikal ng pag-iisip ng mga mag-aaral (Livingston, 2006:38).

Ang salitang pagsulat ay binigyang kahulugan ng iba't ibang awtor. Isa sa mga ito ay tumukoy sa pagsulat bilang lundayan ng lahat ng iniisip, nadarama, nilalayon, at pinapangarap ng tao. Ang pagsulat din ay isang komprehensib na kakayahan na malaman ang wastong gamit ng mga salita, talasalitaan, pagbubuo ng kaisipan, retorika, at iba pang elemento (Villafuerte, et al., 2005:11).

Sa karagdagan, ang pagsulat ay isang multi-dimensyonal na proseso: pasalitang dimension (oral dimension); at biswal

na dimension (visual dimension). Samantala, may tatlong layunin ang pagsulat. Ang unang layunin ay impormatib na pagsulat (expository writing) kabilang ang mga balita, at mga ulat teknikal kagaya ng ulat ukol sa negosyo. Ang ikalawang layunin ay mapanghikayat (persuasive writing) kabilang ang mga proposal at konseptong papel, editorial, sanaysay, at talumpati. Ang ikatlong layunin ay malikhaing pagsulat (creative writing) kabilang ang maikling katha, nobela, tula at dula (Bernales, 2001:1-3).

Samantala, mayroong mga hakbang sa pagsulat na dapat isaisip ng mga mag-aaral. Ito ay ang sumusunod: a) pre-writing kung saan nagaganap ang paghahanda sa pagsulat kabilang ang pagpili ng paksang isusulat, pangangalap ng datos, pagpili ng perspektibo na gagamitin sa pamamagitan ng pagtatanong, sarbey, obserbasyon, imersyon, at eksperimentasyon, pagbabasa, at pananaliksik; b) actual writing kung saan ang manunulat ay gumagawa ng borador o draft kung saan itinatala ang simula, katawan, at wakas ng isang akda; at c) rewriting kung saan ang manunulat ay isinasagawa ang pagrerebisa ng borador batay sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya o lohika. Mahalaga ring malaman na mayroong mga dapat isaalang-alang sa pagsulat. Ang mga ito ay ang: a) paksa o topic; b) layunin (aim); c) wika (code); d) kombensyon (convention); e) kasanayang pampag-iisip; f) kasanayan sa pagbuo; at g)

kabatiran sa prosidyur ng pagsulat (https://www.academia.edu, Pebrero 11, 2017).

Mayroong iba’t ibang teyorya na nagbibigay paliwanag sa pagsulat bilang isang makrong kasanayan sa wika. Ayon sa teyorya ni Campbell (2000:63), ang pagsulat ng anumang katha ay paraan na maliwanagan ang kakayahan ng mga mag-aaral.

Ang teyoryang ito ay kahawig sa ipinaliwanag ni Coronel (2009:7) na sinabing sa mga isinusulat masasalamin ang kakayahan, kasanayan, at kahusayan sa pagpapahayag ng damdamin at kakayahang komunikatibo. Layunin ng dalawang awtor na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng malikhaing katha sa pamamagitan ng pagpapahayag ng damdamin na magpapaigting at pupukaw sa interes sa pagsulat.

Samantala, sa paglalayong mabigyang solusyon ang bawat suliranin o sa paglalayong makabuo ng mga bagong kaalaman o estratehiya, ang mga mag-aaral ay sumasailalim sa dalawang natatanging pamamaraan ng pag-iisip. Ito ang tinatawag na malikhaing pag-iisip at kritikal na pag-iisip. Ang malikhaing pag-iisip ay tumutukoy sa pagkalap sa maraming mga pagkakataon o posibilidad, at pagbibigay ng agarang solusyon batay sa mga ito. Sa kabilang banda, ang kritikal na pag-iisip ay tumutukoy sa pag-aanalisa ng mga ideya at ang pagtuon sa mga ideyang may halaga. Ang konsepto ng Thinking Productively ay tumutukoy sa pinaghalong malikhaing pag-iisip

at kritikal na pag-iisip; ito ay balanse sa pagitan ng dalawang uri ng pag-iisip na maaaring isagawa ng mga mag-aaral sa kanilang paglalayong mabigyang kasagutan ang kanilang mga suliranin. Ang nasabing konsepto ay paggamit ng malikhaing pag-iisip upang makapaglikha ng maraming mga ideya, at ng kritikal na pag-iisip upang makapamili ng mga ideya na may halaga para sa mga suliranin (Rusbult, 1997:3).

Sa isang banda, ang teyoryang Role of the Imagination ay naglalahad na ang utak ay isang kompleks set na may iba't ibang abilidad at gamit tulad ng paggawa ng imahe sa mga nakaraang mga karanasan o pangyayari. Kaya ang pagbuo ng anumang katha ay depende sa kondisyon ng kanyang isipan sa pag-gunita sa nakaraan (Sellars, 1990:69).

Ayon sa teyorya ng reproduktibong imahinasyon, ang reproduktibong imahinasyon ay kasangkot ang pagbabalik-gunita sa mga dating kaalamang pinagtagpi-tagpi sa mga kasalukuyang nabuong ideya hanggat makabuo ng orihinal na katha. Nangangahulugang malaki ang maitutulong ng dating kaalaman upang maging mas malikhain ang mga mag-aaral. Hindi lamang pagkamalikhain ang lilinangin ng guro sa mga mag-aaral kundi ang kanilang reproduktibong imahinasyon upang magkaroon ng de-kalidad na mag-aaral kaya pursigidong magsagawa ng mga estratehiya ng pagtuturo upang makamit ang kanyang mithiin para sa kanyang mag-aaral (Kelly, 1965:79).

Bagamat mailap ang kaunlaran sa pagsulat sa nakararami, patuloy pa rin itong hinahangad at pinapangarap. Kaya ang pamahalaan ay walang humpay sa pag-iisip para sa mga mag-aaral na paunlarin ang kanilang kakayahang komunikatibo para sa sa lalong ikatatagumpay ng K to 12 na Kurikulum. Hindi kaila na ang guro ay may maselang tungkulin sa paglinang ng kasanayan at kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral kaya mahalagang malinang at magkaroon ng de-kalidad na kaalaman ang bawat guro na maibabahagi nila ng lubos sa kanilang mga mag-aaral. Ang mga guro ang higit na may tungkulin na linangin ang makrong kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral ayon sa mga kompetensi na nakasaad sa Batayang Kurikulum sa Filipino ng K to 12 na programa (Tangonan, et al., 2016:43).

Samakatuwid, ang mga kabataan ay matuturuan ng mga magagandang asal mula sa mga kathang kanilang isusulat sa pamamagitan ng kanilang mga guro. Nangangahulugan lamang na ang maikling katha ay isang paksang makatutulong sa pagpapabago ng ugali ng isang mag-aaral at paglinang ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ang malikhaing katha ay lunsaran sa pagkilala sa reproduktibong imahinasyon ng mga mag-aaral kung saan sila ay makalilikha ng mga panibagong kaisipan at pang-unawa sa mga pagbabagong nagaganap at pagbuo ng kanilang prosesong pang-kaisipan. Ang napagbuong pagkatuto ay pagsasanib ng pasaklaw at pabuod na

pag-iisip kung saan ang layunin ay ang pagkatuto sa tamang aspeto ng pagsusulat (Ornstein, 1990:67-71).

Sinabi ni Emery (2004:252) na ang pagsusulat ay isang epektibong larangan o gawain upang maipakita at maipahayag ang damdamin ng isang tao gamit ang mga isinatitik na salita. Ito ay isang kasanayang humuhubog sa kadalubhasaan ng manunulat na nagtatangkang ilahad ng kanyang kaisipan, paniniwala, at layunin sa tulong ng iba't ibang ayos ng mga pangungusap sa bawat talata tungo sa pagbuo ng isang katha.

Kaugnay nito, ang pagsulat ng maikling katha ay ekstensyon ng wika at karanasang natamo ng isang mag-aaral sa kanyang kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, at pagbasa. Samakatuwid, ang pagsusulat ay produkto ng mga kaalaman na kinuha sa tatlong nabanggit na kasanayang pangwika. Ang pagsulat ng malikhaing katha ay katulad din ng pagbabasa na kailangang gamitan ng wastong pag-iisip, ibayong damdamin at karanasan (Peck at Buckingham, 1998:252).

Ang pagsulat ng malikhaing katha ay isa ring paraan ng pakikipag-unawaan o pakikipagdiskurso ng isang tao sa kanyang kapwa sa pamamagitan ng mga letra, salita, paniniwala, at mga pangungusap. Sa gawaing ito, nailalahad ng sinumang nagnanais sumulat ng kanyang mga saloobin at paniniwala dahil ito ay repleksyon ng kaalamang nakuha ng mag-aaral sa kanyang paligid at pamumuhay sa lipunan. Nararapat itong linangin at

gawing kapaki-pakinabang sapagkat tulad din ng limang kasanayang pangwika, ang pagsulat ng malikhaing katha ay pag-proproseso at pagsasama-sama ng mga kaalaman kung saan ipinapahayag o inilalapit ang kaalaman ng isang partikular na paksa (Mabilin, 2012:252).

Ipinapahiwatig nang mga naunang pagtalakay na ang pagsulat ay isang hilig at gawain na mahirap pangatawanan at pangyarihin. Sinasabing ito ay hilig dahil kusang nag-uudyok o nag-uutos sa sinuman para magtangkang sumulat ayon sa anumang nasumpungang pansariling kadahilanan. Datapwa’t kahit ituring itong likas, ang pagsasagawa ay hindi pa rin nagiging madali at ganap. Ang pagsulat ay dumaraan sa puspusang pag-iisip, sa pagsubok at pagkakamali. Sinasabi ring ito ay isang malikhaing gawain dahil kailangang maingat, maayos, at magandang tuklasin, bigyang kahulugan at kabuluhan ang mga bagay, karanasan, pangyayari sa teksto, at sinusubukang maihayag para maibahagi ang sarili sa gayon maintindihan ng iba. Sa pagpapaintindi lamang ng manunulat sa pagkakaunawa naman ng mambabasa magkakaroon ng kaganapan ang akda at magkakamit ng kahalagahan ang pagsulat (Arrogante, 2000:2).

Ang mga nabanggit na kaugnay na literatura hinggil sa kakayahang komunikatibo, kasanayan sa pagsulat, at malikhaing katha ay nagbigay ng kaliwanagan sa kasalukuyang pananaliksik na mas lalong maunawaan ang mga tiyak na katanungan sa

paglalahad ng suliranin. Kung kaya't ang mga ideya sa bahaging ito ay nagbigay liwanag upang maibahagi ng maayos ang suliranin sa kasalukuyang pag-aaral.

**Kaugnay na mga Pag-aaral**

Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga kaugnay na mga pag-aaral na may pagkakatulad o pagkakahawig sa kasalukuyang pag-aaral. Ang pagkakatulad at pagkakaiba ay binigyang pokus sa kabanatang ito.

Go (2007) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Kakayahang Pangwika sa Filipino ng mga Estudyante sa Ikalawang Taon ng Pambansang Paaralan ng Samar (SNS). Ang kinalabasan ng pag-aaral ay binigyang-diin ang tatlong aspeto ng kakayahang pangwika: ponolohikal, morpolohikal, at sintaktikal. Sa karagdagan, tinanggap ang ipotesis dahil hindi mahalaga ang gulang at sosyo-ekonomikong kalagayan ng mga mag-aaral sa kakayahang pangwika ng mga mag-aaral. Matindi ang saloobin sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot.

Ang naunang pag-aaral ni Go ay may pagkakahawig sa kasalukuyang pag-aaral dahil sa paggamit ng kakayahang pangwikang Filipino bilang baryabol. Subalit, nagkaiba ang pag-aaral sa saklaw, kaligiran at kalahok ng pag-aaral. Ang naunang pag-aaral ay mas malawak dahil tumukoy ito sa kakayahang pangwika ng mga mag-aaral samantalang ang

kasalakuyang pag-aaral ay sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Sa karagdagan, and naunang pag-aaral ay isinagawa sa isang paaralang sekundarya samantalang ang kasalukuyang pananaliksik ay sa isang paaralang elementarya. Sa huli, ang naunang pananaliksik ay sangkot ang mga mag-aaral sa sekundarya samantalang sa kasalukuyang pananaliksik ay sangkot ang mga Intermedyang mag-aaral.

Delfin (2008) ay nagsagawa ng pag-aaral na pinamagatang, "Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Estudyante ng Haiskul ng mga Piling Paaralan". Tinaya sa nasabing pag-aaral ang kakayahang gramatikal, sosyo-linggwistikong kakayahan, diskursong kakayahan, at istratehikong kakayahan. Lumabas na mahalaga ang antas ng taon at edukasyon ng mga magulang na may mataas na edukasyong natamo sa mga gawaing pampaaralan ng mga mag-aaral.

May pagkakahawig ang pag-aaral ni Delfin sa kasalukuyang pag-aaral dahil sa baryabol ng kakayahang komunikatibo at sa mga piling katangian ng mga mag-aaral na tagasagot kagaya ng edukasyong natamo ng mga magulang. Ngunit, ang pag-aaral ni Delfin ay may pagkakaiba sa kasalukuyang pag-aaral dahil ang huli ay sangkot ang mga Intermedyang mag-aaral samantalang ang una ay sangkot ang mga mag-aaral sa antas sekundarya. Dagdag pa rito, ang pag-aaral ni Delfin ay gumamit lamang ng isang talatanungan upang malikom ang mga datos. Samantala,

ang kasalukuyang pag-aaral ay gumamit ng isang pagsusulit upang makalikom ng mga datos.

Coronel (2009) ay nagsagawa ng isang pag-aaral tungkol sa "Antas sa Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral ng Filipino I sa Tersyarya ng St. Michael's College: Batayan sa Programang Pang-Interbensyon". Ayon sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, lahat ng mga tagasagot ay nagtala ng mga mababasang materyal na matatagpuan sa bahay. Natagpuan sa pag-aaral ang mahalagang kaugnayan ng kasarian sa kasanayan sa pagbuo ng komposisyon. Natuklasan ding mahalaga ang pagkakaroon ng mababasang materyal sa bahay para sa pagbuo ng nilalaman, pag-oorganisa, pagkakaroon ng maunlad na bokabularyo at pagsunod sa mekaniks. Ang edukasyon ng ama ay natagpuang mahalaga para sa ikahuhusay ng mag-aaral sa pagbuo ng nilalaman at sa paggamit ng wika, samantalang ang edukasyon ng ina ay mahalaga sa ikauunlad ng nilalaman sa pagsulat ng komposisyon sa Filipino. Ang edad, napagtapusang paaralan sa sekondarya, at oras na inilalaan sa panonood ng telebisyon ay walang mahalagang kaugnayan sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Sa kabuuan ay natuklasang ang mga mag-aaral ay may napakahinang kasanayan sa pagbuo ng nakasulat na komposisyon gamit ang wikang Filipino.

Sa kadahilanang ang pag-aaral na isinagawa ni Coronel ay tungkol sa antas sa kasanayan sa pagsulat kung kaya't ito ay

may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral. Subalit, ang pag-aaral ni Coronel ay may pagkakaiba sa kasalukuyang pag-aaral dahil ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral ay ginamit upang tayain ang kanilang kakayahang komunikatibo. Sa naunang pag-aaral, tinaya lamang ang kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Rada (2010) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Pagbuo ng Instrumento sa Pagtaya ng Kognitibong Akademikong Kahusayang Pangwika sa Filipino: Tuon sa Kasanayan sa Pagsulat ng mga Estudyanteng nasa Kolehiyo". Ang kinalabasan sa pag-aaral ay sampu sa 214 tagasagot ang "Magaling", 202 ang "Katamtamang Galing" at dalawa ang "Mahina". Sa bahaging Wastong Gamit, higit na nakita ang mababang marka. Sa kognitibong dimensyon, "Magaling" ang iskor ng karamihan ng mga respondiente sa mababang antas ng pag-iisip (lower-order thinking skill) at "Katamtamang Galing" naman sa mataas na antas ng pag-iisip (higher-order thinking skill). Batay sa pag-aaral na ito, binigyang tuon ang kakayahan ng mga estudyante sa wastong gamit ng mga salita na bahagi ng balarila/gramatika ng wikang Filipino at talasalitaan.

Ang pag-aaral ni Rada ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahil parehong nakatuon sa kasanayan sa pagsulat. Ngunit, ang naunang pag-aaral ni Rada ay mas komplikado dahil

nilayon nitong bumuo ng instrumento sa pagtaya ng kognitibong akademikong kahusayang pangwika. Sa kasalukuyang pag-aaral, nilayon lamang na tayain ang bisa sa paggamit ng pagsulat ng malikhaing katha sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral.

Del Castillo (2010) ay nagsagawa ng pag-aaral na pinamagatang, "Prosesong Pagdulog sa Pagsulat ng Iba't Ibang Teksto sa Elementarya". Napag-alamang kulang ang kasanayan ng mga kalahok na mag-aaral sa organisasyon, o pag-uugnay at paghahanay ng mga ideya. Kapuna-puna sa mga sinuring komposisyon ang kakulangan sa nilalaman (content). Sa paghahanda ng mga gawaing pasulat, napatunayang mas nagiging epektibo ang pagpapasulat kung may maayos na panimulang gawain ang guro bago ang aktwal na pagpapasulat; ang mga gawain ay kasiya-siya at makabuluhan sa mga mag-aaral; nahihimok ng mga gawain na magsulat ang mga mag-aaral; may malinaw na panutong ibinibigay ang mga guro sa bawat gawain; at may barayti sa mga gawaing ibinibigay sa mga mag-aaral. Ang mga gawaing malabo at hindi mauugnay sa aralin ay dagdag-pasanin lamang sa mga mag-aaral, samantalang ang kasiya-siyang gawain ay dahilan upang kahiligan ng mga mag-aaral ang pagsulat. Kaugnay ng pamamaraan sa pagtuturo ng pagsulat, lubos na magkakaroon ng pag-unlad ang mga mag-aaral sa kasanayang pasulat kung nararanasan ang proseso ng pagsulat.

Ang pananaliksik ni Del Castillo ay may pagkakahawig sa kasalukuyang pananaliksik dahil parehong nakatuon sa pagtataya ng kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral. Subalit, ang pag-aaral ni Del Castillo ay mas malalim dahil nilayon nitong gamiton ang prosesong pagdulog o process approach upang makita ang pag-unlad ng kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral na kalahok. Sa kasalukuyang pag-aaral ang kakayahan sa pagsulat ng malikhaing katha ng mga mag-aaral ay ginamit upang tayain ang kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot.

Lartec (2011) ay nagsagawa ng pag-aaral na pinamagatang, "Kakayahang Panggramatika sa Filipino ng mga Mag-aaral sa University of the Cordilleras". Natuklasang hindi pa ganap na nalilinang ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral; magkakaiba ang antas ng kanilang kakayahang panggamatika sa mga bahagi ng panalita; at may kaugnayan ang kolehiyong kinabibilangan ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahang panggramatika ngunit walang kaugnayan dito ang kanilang unang wika.

May pagkakapareho ang pag-aaral ni Solis sa kasalukuyang pag-aaral dahil parehong nakatuon sa pag-aaral ng kakayahan sa paggamit ng Wikang Filipino. Ngunit nagkaiba ang dalawang pag-aaral dahil ang una ay gumamit ng iba pang baryabol kagaya ng gramatika samantalang ang kasalukuyang pananaliksik ay

gumamit lamang ng mga malikhaing katha upang mataya ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.

Tsu (2013) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Kabisaan ng Process Approach sa Pagtuturo ng Pagsulat sa mga Mag-aaral". Ayon sa kinalabasan ng pag-aaral, maituturing na kalakasan ng process approach ang pagsasagawa ng mga paghahanda sa panimulang pagsulat at pagpapakita ng mga halimbawa ng mga komposisyong isusulat para lumawak ang kaalaman ng mga mag-aaral, at nakaramdam din ng pagpapahalaga sa sinulat na komposisyon ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay puna at pagkakaroon ng sapat na panahon ang mga mag-aaral upang tapusin ang komposisyon. Subalit, ang nakitang kahinaan ng process approach ay ang mahabang panahong pag-uukol sa pagsulat mula sa panimulang gawain ng pagsulat ng unang borador hanggang sa pagbibigay ng puna ng guro para sa muling pagsulat ng huling borador.

Ang pag-aaral ni Tsu ay may pagkakapareho sa kasalukuyang pag-aaral dahil sa pagbibigay ng tuon sa kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Subalit, ang pag-aaral ni Tsu ay mas payak dahil sadyang ang kakayahan sa pagsulat lamang ang tinukoy gamit ang lunsarang prosesong pagdulog. Sa kabilang banda, ang kasalukuyang pag-aaral ay mas malawak ang saklaw dahil tumukoy ito sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ginamit lamang ang kasanayan

sa pagsulat ng mga malikhaing katha ng mga mag-aaral upang mataya ang kakayahang komunikatibo sa apat na aspeto ng mga mag-aaral, kabilang ang pakikinig, pagsasalita, pagbasa at pagsulat.

Mustacisa (2014) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Ang Kakayahang Komunikatibo sa Filipino at mga Istilong Pagkatuto ng mga Estudyante sa Kolehiyo". Tinaya sa nasabing pag-aaral na ang mga mag-aaral na tagasagot ay may mababang perpormans sa kakayahang komunikatibo; walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga estudyante batay sa kanilang mga katangian; ang dalas ng istilong pagkatuto ay minsan lang naipakita sa awditori at taktayl, subalit madalas na ipinakita sa biswal at kinestitik; walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga istilong pagkatuto ng mga estudyante at ang kanilang mga katangian; walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng kakayahang komunikatibo ng mga estudyante at ang kanilang mga istilo sa pagkatuto.

Ang pag-aaral ni Mustacisa ay may pagkakatulad sa kasalukuyang pananaliksik dahil sa pagbibigay ng atensyon sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ngunit, ang naunang pananaliksik ay nakatuon sa istilong pagkatuto ng mga mag-aaral na tagasagot bilang salik sa pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Sa kasalukuyang pananaliksik,

tinaya ang bisa sa paggamit ng pagsulat ng malikhaing katha bilang salik sa paglinang sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.

Gutierrez (2014) ay nagsagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagsulat: Pantulong sa Pagwawasto ng Epekto ng SMS/Text Messaging sa Pagsulat sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Ika-7 Baitang ng De La Salle Lipa". Napatunayan sa nasabing pag-aaral na ang madalas na pagtetext gamit ang SMS ay isang salik na nakakapagdulot ng kamalian sa ortograpiya at istraktura sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino. Dahil dito, ang mga nilikha at kinalap na mga istratehiya ay magsisilbing karagdagang paraang magagamit sa pagtuturo ng pagsulat sa Filipino upang mabigyang-solusyon ang nasabing sulranin.

Ang naunang pananaliksik ay hinggil sa naging epekto sa pagsusulat ng mga mag-aaral dahil sa paggamit ng SMS o text messaging kung kaya ito iba sa kasalukuyang pananaliksik na ang tinaya ay ang bisa sa paggamit ng pagsulat sa pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral na tagasagot. Sa kabila ng nabanggit na pagkakaiba, minarapat na banggitin ang pag-aaral ni Gutierrez sa kasalukuyang pag-aaral dahil parehong nakatuon sa kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Lasala (2014) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Communicative Competence of Secondary Senior

Students: Language Instructional Pocket". Ang pag-aaral na ito ay nagpakita na ang antas ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral ay pareho sa pasalita at pasulat na paraan. Subalit, sa kakayahang gramatikal at diskurso, ang mga mag-aaral ay nagkakaiba sa pasalitang paraan.

Ang naunang pag-aaral ni Lasala ay may pagkakapareho sa kasalukuyang pag-aaral dahil sa saklaw ng pag-aaral na tumukoy sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ngunit, ang naunang pag-aaral ay tumukoy sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral bilang mahalagang batayang impormasyon sa pagsasagawa ng language instructional pocket. Samantala, sa kasalukuyang pag-aaral, ang kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral ay tinaya batay sa kabisaan sa paggamit ng pagsulat ng malikhaing katha.

Ang mga binanggit na naunang pag-aaral ay nagbigay diin sa kahalagahan ng pagsulat bilang isa sa makrong kasanayan na dapat malinang sa mga mag-aaral. Dagdag pa rito, inalam din ng mga naunang pag-aaral ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral na siyang naging dahilan kung bakit nabanggit ang mga nasabing pag-aaral sa kasalukuyang pag-aaral na ito. Sa pangkalahatan, ang mga naunang pag-aaral ay nagbigay ng mas matibay at matatag na dahilan upang isakatuparan ang kasalukuyang pananaliksik.

## Kabanata 3

## METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay tumatalakay sa mga pamamaraang ginamit ng mananaliksik upang bigyan ng kwantitatibong pag-aanalisa ang mga datos ng pag-aaral na ito. Nakapaloob dito ang disenyo ng pananaliksik, lokal ng pag-aaral, instrumentasyon, balidasyon ng instrumento, pamamaraang sampling, paglikom ng mga datos, at paglalapat estadistika.

### Disenyo ng Pananaliksik

Gumamit ang kasalukuyang pananaliksik ng eksperimental na disenyo ng pananaliksik sa pamamagitan ng pang-una at panghuling pagsusulit upang tayain ang bisa sa pagsulat ng malikhaing katha sa paglinang ng kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga Intermedyang mag-aaral sa Paaralang Elementarya ng Lagundi.

Ang eksperimental na disenyo ng pananaliksik ay tiyak na ginamit upang tukuyin ang bisa sa pagsulat ng malikhaing katha sa kakayahang komunikatibo sa Filipino batay sa iskor ng mga mag-aaral na tagsagot sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) sa pang-unang pagsusulit at panghuling pagsusulit. Ang mga mag-aaral sa kontrol na pangkat ay sumailalim sa tradisyunal na paraan ng pagtuturo ng mga aspeto ng kakayahang komunikatibo samantalang ang mga mag-aaral sa

eksperimental na pangkat ay sumailalim sa paggamit sa pagsulat ng malikhaing katha.

Dagdag pa rito, tinaya ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental ayon sa kanilang gulang at kasarian, tamtamang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang at grado sa Filipino sa Unang Markahan.

Pagkatapos, ginamit ang komparatibong pag-aanalisa upang masukat kung mayroong mahalagang pagkakaiba sa pagsusulat ng malikhaing katha ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental ayon sa kanilang iskor sa pang-unang pagsusulit at panghuling pagsusulit; sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral nga tagasagot sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental ayon sa kanilang mga profayl varyet; at sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental ayon sa kanilang iskor sa pang-unang pagsusulit at panghuling pagsusulit.

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibo at inferential na estadistikang panukat kagaya ng frequency count o dalas ng bilang, bahagdan o percentage, tamtaman o mean, Standard Deviation, t-test for independent sample means at t-test for correlated samples upang tayain, bigyang implikasyon at interpretasyon ang mga datos ng pag-aaral.

**Lokal ng Pag-aaral**

Ang Figura 2 ay nagpapakita ng lokal ng pag-aaral, ang Paaralang Elementarya ng Lagundi, Lungsod ng Catbalogan,

Ang nasabing paaralan ay matatagpuan sa Brgy. Lagundi, isa sa 57 na barangay ng Lungsod ng Catbalogan. Ang Brgy. Lagundi ay maituturing na maliit na barangay kaya nagmula lamang ito sa isang sityo, at ang paaralan ay isang primarya na binubuo ng Unang Baitang hanggang Ikatlong Baitang lamang at sakop ng Distrito ng Catbalogan I.

Noong taong 1993 nang magkaroon ng Distrito ng Catbalogan IV ang Distrito ang Catbalogan at ang ibang nasasakupan ng Catbalogan III na Distrito ay naisama sa bagong naitatag na distrito, nagkaroon ng maraming pagbabago ang Distrito ng Catbalogan. Ang Paaralang Elementarya ng Lgundi ay sumailalim sa Catbalogan III sa pamamahala ni Ginoong Emilio T. Fructuso.

Noong taong 1995, nabuo ang kompletong Elementarya ng Lagundi sa dahilang marami ang mga nagpatalang mag-aaral na nagmula sa iba't ibang panig na sakop ng Lagundi. Sa tatlong silid-aralan na binubuo ng paaralan ay may apat na guro na nagtutulungang magampanan ang kani-kanilang mga tungkulin na pinamumunuan ni Ginoong Eladio Dario. Noong taong 2006, nagkaroon ng panibagong Distritong idinagdag, ang Distrito ng Catbalogan V.





**Figura 2.** Ang Mapa ng Lokal ng Pag-aaral

Ang ibang paaralan na sakop ng Catbalogan III ay naisama sa Distrito ng Catbalogan V at sa pamamatnubay ni Ginoong Daniel Balan. Ito ay tinaguriang Lagundi-Socorro Klaster sa pangkasalukuyan. Sa paglipas ng ilang taon sa pagdami ng mga nagpatala, nagpagawa ng karagdagang gusali at unti-unting nakapagpundar ng mga gamit at mga pasilidad sa nasabing sa paaralan.

Sa kasalukuyan, ang Paaralang Elementarya ng Lagundi ay mayroong isang daan at talumpo't anim (136) na opisyal na nagpatala sa nasabing paaralan na pinamunuan ng isang Punong Guro sa ilalim ng pamamahala ng Pampurok na Tagamasid. Ang harapang bahagi ng paaralan ay matatagpuan sa Carline patungong Catbalogan at ang likod na bahagi ng paaralan ay nasa gilid ng bulubundukin na napaliligiran ng mga nagluluntiang pananim at damuhan.

Bilang isang pampublikong paaralan na mayroong kompletong elementaryang edukasyon, pinapatnubayan ito ng kasalukuyang kurikulum sa batayang edukasyon na K to 12 BEC mula Kindergarten hanggang ika-anim na baitang.

## Instrumentasyon

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng talatanungan at pagsusulit upang malikom ang mga datos.

**Talatanungan**. Ang talatanungan ay isa sa mga instrumentong ginamit upang malikom ang mga datos ng

kasalukuyang pag-aaral. Ang talatanungang ito ay binuo ng mga aytem hinggil sa profayl ng mga mag-aaral na tagasagot kabilang ang kanilang gulang at kasarian, tamtamang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang at grado sa Filipino sa Unang Markahan. Ang instrumentong ito ay pinaghalong supply type at tseklist kung saan ang mga mag-aaral na tagasagot ay kinailangang maglagay ng tamang impormasyon sa mga puwang na nakalaan sa bawat aytem o maglagay ng tsek na marka sa puwang ng kanilang tamang sagot.

**Pagsusulit**. Ang pagsusulit ang ginamit upang mataya ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral na tagasagot. Ito ay hinati sa apat na bahagi: a) pagsasalita at pakikinig; b) pagbasa; c) pagkilala sa mali; at d) pagsulat.

Ang unang bahagi, ang pagsasalita at pakikinig, ay binuo ng tatlong bahagi na may 26 aytem na may tatlong titik na pagpipilian sa bawat aytem. Ang ikalawang bahagi, ang pagbasa, ay binuo ng tatlong bahagi na may siyam na aytem na may tatlong titik na pagpipilian sa bawat aytem. Ang ikatlong bahagi, ang pagkilala sa mali, ay binuo ng apat na aytem na may tatlong titik na pagpipilian sa bawat aytem. Ang pang-apat na bahagi, ang pagsulat, ay binuo ng 10 aytem na may tatlong salitang pagpipilian.

Sa kabuuan, ang pagsusulit ay binuo ng 49 aytem.

**Balidasyon ng Instrumento**

Tanging ang pagsusulit ang dumaan sa balidasyon sa kontent o nilalaman, at sa reliability sa pamamagitan ng test-retest na pamamaraan sapagkat ang talatanungan ay binuo lamang ng mga aytem hinggil sa profayl ng mga mag-aaral na tagasagot. Ang balidasyon ng kontent o nilalaman ay isinagawa sa pamamagitan ng ekspertong pag-aanalisa ng tagapayo at mga miyembro ng lupon ng pasalitang pagsusulit ng isinumiting borador ng pagsusulit.

Pagkatapos ng isinagawang pag-aanalisa ng nilalaman ng mga nasabing eksperto, isinaayos ang mga suhestiyong ibinigay at nirebisa ang pagsusulit ayon sa mga nasabing suhestiyon. Pagkatapos nito, isinagawa ang isang try-out sa 50 mga Intermedyang mag-aaral sa Paaralang Elementarya ng Guinsorongan, Lungsod ng Catbalogan. Binigyan ng isang oras ang mga mag-aaral na tagasagot upang masagutan ng tama ang lahat ng mga aytem sa pagsusulit.

Pagkatapos na maisagawa ang pagsusulit sa mga mag-aaral na tagasagot, inayos at winasto ang iskor at nagkaroon ng pag-aanalisa sa mga aytem. Narito ang mga hakbang na sinunod sa pag-aanalisa ng mga aytem: a) inayos ang iskor (N) ng mga mag-aaral mula sa pinakamataas hanggang sa pinakamababang iskor; b) minultiplay ang N o kabuuang bilang ng test ng 0.27 at ni-round off sa pinakamalapit na nabuong bilang; c)

binilang ang mga N o kabuuang bilang na may pinakamataas na isko at tinaguriang high-score group at binilang din ang N o kabuuang bilang ng mga pinakamababang iskor at tinaguriang low-score group; d) inalam ang proportion ng mataas na pangkat (high-score group) kung saan ang bawat aytem ay nasagot ng tama sa pamamagitan ng pag-hati (divide) sa bilang ng tamang sagot sa mataas na pangkat ng N o kabuuang bilang, at uulitin ang prosesong ito sa mababang pangkat (low-score group) para makuha ang PL ng bawat aytem upang malaman din ang antas ng kahirapan o difficulty index o P, o ang proporsyon ng buong pangkat ng nakasagot nang wasto sa bawat aytem; at ini-add ang PH at PL at hinati sa dalawa:

$$PD = \frac{PH + PL}{N}$$

Ipinakita rito na ang D-values ng isang aytem ay pinagtibay ng malayang panariling (subjective) pagtataya ng kalidad ng aytem: iyong mga aytem na may mataas na index na diskriminasyon at iyong mga aytem na tahasang malabo ay may tendensiyang maging mababa o negatibo na D- value o ang ibang opinion para sa aytem na iyon ay maaaring may mataas na D-value kaysa sa opsyon. Ang mga aytem na ganito ay kadalasang doble-keyed kung walang lohikal na pagpapatibay sa konseptong sinusukat. Ang dahilan ng pagiging tahasang malabo ay maaaring di agad napansin ng nagbibigay ng test kadalasan ay

naipapalabas ng may mataas na iskor ang mga kumukuha ng pagsusulit na hindi pumili ng keyed opsyon.

Ang anumang aytem na ang diskriminasyon ay tinaya patungo sa fraction ng kabuuang test score ay siyang batayan sa pag-alam kung alin ang mataas at mababang grupo. Ang antas ng panloob na kontamenasyon dahil sa pag-overlap ng aytem sa kabuuang pagsusulit ay inimpluwensiya ng kahabaan ng test kung kaunti ang mga aytem ng pagsusulit, mas malaki ang proporsyon ng bawat aytem na kabuuang iskor. Ang salik na ito ay nagiging totoo lamang sa masyadong pagpapakahulugan sa aytem diskriminasyon indeks value para sa pansilid-aralang pagsubok ay hinango mula kay Ebel (1965:32). Ang mga alituntuning ito ay angkop lamang sa pagpapaliwanag ng kontribusyon ng test aytem sa reliability.

**Talahanayan 1**

**Talahanayan ng Reliability ayon kay Ebel**

| **Reliability Coefficient (α)** | **Interpretasyon** |
|---|---|
| 0.95 – 0.99 | Very High |
| 0.90 – 0.94 | High |
| 0.80 – 0.89 | Fairly High, adequate for individual measurements |
| 0.70 – 0.79 | Rather Low, adequate for group measurements |
| Below 0.70 | Low, entirely inadequate for individual measurements although useful for group average and school surveys |

**Pamamaraang Sampling**

Ang mga mag-aaral na tagasagot ay ang intermedyang mag-aaral sa Paaralang Elementarya ng Lagundi, Lungsod ng Catbalogan, sa Taong Panuruan 2016-2017. Ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral ay tinaya sa 44 na hinati sa dalawang pangkat, ang pangkat kontrol at pangkat eksperimental.

Ang profayl baryet ng mga mag-aaral na tagasagot ang ginawang batayan upang maipamahagi sa dalawang pangkat ang mga mag-aaral na tagasagot. Ang pangkat eksperimental ay binuo ng 25 mga mag-aaral samantalang ang pangkat kontrol ay binuo ng 19 na mga mag-aaral na makikita sa Talahanayan 2.

**Talahanayan 2**

**Ang mga Mag-Aaral na Tagasagot**

| Pangkat | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| Eksperimental | 25 | 56.82 |
| Kontrol | 19 | 43.19 |
| **Kabuuan** | **44** | **100.00** |

**Paglikom ng mga Datos**

Ang paglikom ng mga datos ay isinagawa pagkatapos hingin ang pahintulot ng mga kinauukulan sa Kagawaran ng Edukasyon, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan. Una rito, gumawa at nagsumite ng isang sulat paghingi ng pahintulot mula sa Tagapamahala ng Sangay ng Lungsod ng Catbalogan ang mananaliksik. Pagkatapos ng nasabing sulat, gumawa at nagsumite rin ng isang sulat paghingi ng pahintulot mula sa Pampurok na Tagamasid ng

Distrito ng Catbalogan II at sa Punongguro ng Paaralang Elementarya ng Lagundi upang maisagawa ang pamumudmod ng mga talatanungan at maibigay ang pagsusulit. Pagkatapos makuha ang pinagtibay na kahilingan, isinagawa na ang pag-aaral na ito.

Isinagawa ang sarbey at pagsusulit ng personal ng mananaliksik at itinuon sa oras ng klase sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot. Sa pagsasagawa ng eksperimentasyon, ang mananaliksik ang humawak sa pangkat eksperimental, at hinimok niya ang tulong ng kapwa guro na siyang magturo sa pangkat kontrol. Ang eksperimentasyon ay isinagawa sa loob ng isang markahan, ang ikatlong markahan, mula buwan ng Disyembre hanggang buwan ng Enero ng Taong Panuruan 2016-2017.

Pagkatapos ng paglikom ng mga datos, iwinasto ang mga sagutang papel ng mga mag-aaral, tinaya ang mga datos, binigyang interpretasyon at inanalisa.

**Paglalapat Estadistika ng mga Datos**

Ang mga estadistikang panukat na ginamit sa pag-aaral na ito ay ang dalas ng bilang o frequency count, bahagdan o percentage, tamtaman o mean, standard deviation (SD), weighted mean, One-Way Analysis of Variance (ANOVA), t-test for independent sample means at t-test for correlated sample means at Fisher’s t-test.

**Dalas ng Bilang o Frequency Count**. Ang estadistikang ito ay ginamit sa pagtalakay ng mga datos personal ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa dalas ng bilang. Kabilang sa mga datos na ginamitan nito ay ang gulang at kasarian, tamtamang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang at grado sa Filipino sa Unang Markahan.

**Bahagdan o Percentage**. Ang bahagdan ay ang estadistikang ginamit sa pagtalakay sa bigat ng bilang ng mga datos personal ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa kabuuang bilang nito. Ang pomulang ginamit ay (Freund at Simon, 1992:35):

$$P = f/N \times 100$$

kung saan:

P = ang natasang bahagan;

F = dalas ng bilang ng kategorya ng personal na datos

N = kabuuang bilang ng tagasagot.

**Mean**. Ang estadistikang ito ay ginamit upang maibigay ang kwantitatibong paglalahad sa pangkalahatang gawi o pagkahilig ng mga datos tulad ng gulang, at iba pang datos. Ang pormulang ginamit ay (Freund and Simon, 1992:35):

$$\mu = \frac{\sum X}{N}$$

Kung saan:

$\overline{\mu}$ = ang natayang mean;

X = ang valyu ng nasumpungang varyabol; and

N = ang kabuuang bilang ng sampol.

**Standard Deviation**. Ginamit ang estadistikang ito upang matiyak ang dispersyon ng mga datos mula sa tamtaman tulad ng gulang, at iba pa. Ang pormulang ginamit ay (Freund and Simon, 1992:52):

$$\sigma = \sqrt{\frac{1}{N}\sum_{i=1}^{N}(x_i - \mu)^2}$$

kung saan: Ơ ay ang natayang standard deviation;

$x_1 - \mu^2$ ang squared deviation sa pagitan ng score ng categorical value at ang mean; at

N ay ang kabuuang bilang ng sampol

**t-test for Independent Samples**. Ang estadistikang ito ay ginamit upang mataya ang mahalagang pagkakaiba ng mga tamtamang iskor sa paunang pagsusulit ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental at kontrol na grupo. Ito rin ang estadistikang ginamit sa pagtaya sa kahalagahan ng pagkakaiba ng mga tamtamang iskor sa panghuling pagsusulit ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental at kontrol na grupo gamit ang formula ni Petilos (2015:118):

$$t = \frac{\overline{X_1} - \overline{X_2}}{\sqrt{S_p^2\left(\frac{1}{N_1} + \frac{1}{N_2}\right)}}$$

kung saan:

t tumutukoy sa kinumpyut na t-test para sa malayang samples

$\overline{X_1}$ tumutukoy sa tamtaman ng unang pangkat

$\overline{X_2}$ tumutukoy sa tamtaman ng pangalawang pangkat

$S_p^2$ tumutukoy sa pooled variance

$\overline{N_1}$ tumutukoy sa  sample size ng unang pangkat

$\overline{N_2}$ tumutukoy sa sample size ng pangalawang pangkat

**t-test for Correlated Samples**. Ang estadistikang ito ay ginamit upang tayain ang mahalagang pagkakaiba ng tamtamang iskor sa pauna at panghuling pagsusulit ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental na grupo. Sa karagdagan, ito ay ginamit sa pagtaya ng tamtamang iskor sa pauna at panghuling pagsusulit ng mga mag-aaral na tagasagot sa kontrol na grupo. Ang ginamit na formula ay ang formula ni Petilos (2015:122):

$$t = \frac{\overline{X_1} - \overline{X_2}}{\sqrt{\frac{N\sum D^2 - (\sum D)^2}{N^2(N-1)}}}$$

kung saan

t tumutukoy sa kinumpyut na t-test para sa malayang samples

$\overline{X_1}$ tumutukoy sa tamtaman ng unang pangkat

$\overline{X_2}$ tumutukoy sa tamtaman ng pangalawang pangkat

$D$ tumutukoy sa pagkakaiba ng paired scores

$\sum D$ refers to the sum of the difference between paired scores

$\sum D^2$ refers to the sum of the squared difference between paired scores

$N$ refers to the number of paired score

Ang mga ipotesis ay sinubok sa .05 antas ng halaga. Ang mga pagtatayang ginawa sa pananaliksik na ito ay ginamitan ng Statistical Package for Social Science (SPSS).

## Kabanata 4

## PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga kinalabasan ng pag-aaral na ito na may pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga datos. Kabilang sa tinalakay sa bahaging ito ay ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa ilang mga baryet, bisa sa pagsulat ng malikhaing katha sa kakayahang komunikatibo sa Filipino, pagtataya ng mga ipotesis ng pag-aaral, at ang mahahalagang implikasyon ng pag-aaral.

### Profayl ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga datos hinggil sa profayl ng mga mag-aaral na tagasagot kabilang ang kanilang gulang at kasarian, tamtamang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang at grado sa Filipino sa Unang Markahan.

**Gulang at Kasarian**. Ang Talahanayan 3 ay naglalaman ng mga datos hinggil sa gulang at kasarian ng mga mag-aaral na tagasagot.

Makikita sa talahanayan na 19 o 43.19 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot ay 11 taong gulang. Sa bilang na ito, 10 o 47.62 bahagdan ang mga babae samantalang siyam o 39.13 bahagdan ang mga lalaki. Sinundan ito ng siyam o 20.46 bahagdan ng mga mag-aaral na nasa 10 taong gulang, ang

tinayang pinakabata sa lahat ng mga tagasagot. Sa bilang na ito, lima o 23.81 bahagdan ang mga babae at apat o 17.40 bahagdan ang mga lalaki.

**Talahanayan 3**

**Gulang at Kasarian ng mga Mag-aaral na Tagasagot**

| Gulang | Kasarian | | | | Kabuuan | Bahagdan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Babae | | Lalaki | | | |
| | *f* | % | *f* | % | | |
| 10 | 5 | 23.81 | 4 | 17.40 | 9 | 20.46 |
| 11 | 10 | 47.62 | 9 | 39.13 | 19 | 43.19 |
| 12 | 1 | 4.77 | 5 | 21.74 | 6 | 13.64 |
| 13 | 3 | 14.29 | 2 | 8.70 | 5 | 11.37 |
| 14 | 2 | 9.53 | 2 | 8.70 | 4 | 9.09 |
| 16 | 0 | 0.00 | 1 | 4.35 | 1 | 2.28 |
| **Kabuuan** | **21** | **47.73** | **23** | **52.28** | **44** | **100.00** |
| **Tamtaman** | | **11.38** | | **10.48** | | **11.55** |
| **SD** | | **1.27** | | **1.30** | | **1.29** |

Samantala, anim o 13.64 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot ay nasa 12 taong gulang, na may isa o 4.77 bahagdan na babae at lima o 21.74 bahagdan na mga lalaki; lima o 11.37 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot ay nasa 13 taong gulang, kung saan tatlo o 14.29 bahagdan ay mga babae at dalawa o 8.70 bahagdan ay mga lalaki; at apat o 9.09 bahagdan ay nasa 14 taong gulang, kung saan ang dalawa o 9.53 bahagdan ay mga babae at dalawa o 8.70 bahagdan ay mga lalaki. Ngunit mayroong isa o 2.28 bahagdan na mag-aaral na tagasagot na pinakamatanda sa pag-aaral na ito sa gulang na 16 taon, at isang lalaki.

Ipinapakita rin sa nasabing talahanayan na ang tamtamang gulang ng mga babaeng mag-aaral na tagasagot ay tinaya sa

11.38 taong gulang, at may SD na 1.27. Sa kabilang banda, ang tamtamang gulang ng mga lalaking mag-aaral na tagasagot ay tinaya sa 10.48 taong gulang, at may SD na 1.30. Sa pangkalahatan, ang tamtamang gulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay tinaya sa 11.55 taong gulang, at may SD na 1.29.

Mahihinuha sa kinalabasan ng pag-aaral na ang karamihan sa mga mag-aaral na tagasagot ay may gulang na humigit kumulang ay 12 taon. Ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral sa intermedya sa Paaralang Elementarya ng Lagundi ay nasa wastong gulang para sa kanilang baitang na itinalagang nasa pagitan ng siyam hanggang 12 taong gulang ng kasalukuyang K to 12 na kurikulum. Nangangahulugan din ito na ang mga mag-aaral ay may angkop na gulang sa kanilang kasalukuyang grado sa intermedya.

Ipinapakita rin ng Talahanayan 3 na sa kabuuang bilang na 44, 21 o 47.73 bahagdan ay mga babae at ang 23 o 52.28 bahagdan ay mga lalaki. Ipinapahayag ng kinalabasan na mas lamang sa bilang ang mga lalaking mag-aaral na tagasagot kaysa sa mga babaeng mag-aaral na tagasagot. Ipinapahiwatig nito na ang karamihan sa mga mag-aaral na nakatala sa intermedya sa Paaralang Elementarya ng Lagundi ay mga lalaki.

**Tamtamang Buwanang Kita ng Pamilya**. Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng mga datos hinggil sa tamtamang buwanang kita ng pamilya ng mga mag-aaral na tagasagot.

**Talahanayan 4**

**Tamtamang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Tagasagot**

| Buwanang Kita | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| Php 5,600.00 at Pababa | 37 | 84.09 |
| Php 5,601.00 – Php 10,000.00 | 7 | 15.91 |
| **Kabuuan** | **44** | **100.00** |

Makikita sa talahanayan na 37 o 84.09 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot ay kabilang sa mga pamilyang may tamtamang buwanang kita na nasa Php 5,600.00 at pababa. Samantala, ang natitirang pito o 15.91 bahagdan na mga mag-aaral na tagasagot ay kabilang sa mga pamilyang may tamtamang buwanang kita na nasa Php 5,601.00 – Php 10,000.00.

Ipinapahiwatig ng nakalap na mga datos na ang karamihan sa mga mag-aaral na tagasagot ay kabilang sa mga pamilyang may mababang tamtamang buwanang kita na ginagamit upang matugunan ang mga pangangailangan ng bawat miyembro ng pamilya.

**Sanligang Edukasyon ng mga Magulang**. Ang Talahanayan 5 ay naglalaman ng mga datos ukol sa sanligang edukasyon ng mga magulang.

Makikita sa Talahanayan 5 na ang 29 o 65.91 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot ay may tatay na may lebel ng elementarya bilang sanligang edukasyon na siya ring tinayang pinakamababang antas ng edukasyon na naabot ng mga tatay ng mga mag-aaral na tagasagot.

**Talahanayan 5**

**Sanligang Edukasyon ng mga Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot**

| Antas ng Edukasyon | Mga Magulang | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Tatay | | Nanay | |
| | *f* | % | *f* | % |
| Lebel ng Elementarya | 29 | 65.91 | 30 | 68.19 |
| Gradwadong Elementarya | 7 | 15.91 | 9 | 20.46 |
| Lebel ng Sekundarya | 3 | 6.82 | 2 | 4.55 |
| Gradwadong Sekundarya | 4 | 9.09 | 3 | 6.82 |
| Kolehiyong Lebel | 1 | 2.28 | 0 | 0.00 |
| Gradwadong Kolehiyo | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 |
| **Kabuuan** | **44** | **100.00** | **44** | **100.00** |

Sinundan ito ng pito o 15.91 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot na may mga tatay na nakapagtapos ng elementarya; apat o 9.09 bahagdan ng mga tatay na nakapagtapos ng antas sekundarya; at tatlo o 6.82 bahagdan ng mga tatay ay nasa lebel ng sekundarya. Samantala, isa o 2.28 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot ay may tatay na umabot sa kolehiyo ngunit hindi nakapagtapos.

Sa karagdagan, ang nasabing talahanayan ay nagpapakita na 30 o 68.19 bahagdan ng mga mag-aaral ay may mga nanay na nasa lebel ng elementarya, na siya ring tinayang pinakamababang antas ng edukasyon na naabot ng mga nanay ng mga mag-aaral na tagasagot. Sinundan ito ng siyam o 20.46 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot na ang mga nanay ay nakapagtapos ng elementarya; tatlo o 6.82 bahagdan ng mga nanay ay nakapagtapos ng sekundarya, na siyang tinayang pinakamataas na antas ng edukasyon na naabot ng mga nanay ng

mga mag-aaral na tagasagot; at dalawa o 4.55 bahagdan ng mga nanay ay umabot sa antas sekundarya ngunit hindi nakapagtapos.

Ipinapahiwatig sa kinalabasan ng pagtataya ng mga datos hinggil sa sanligang edukasyon ng mga magulang na ang karamihan sa mga tatay at nanay ay may mababang antas ng edukasyon dahil parehong umabot lamang ng elementarya ngunit hindi nakapagtapos.

**Hanapbuhay ng mga Magulang**. Ang Talahanayan 6 ay naglalaman ng mga datos ukol sa hanapbuhay ng mga magulang.

**Talahanayan 6**

**Hanapbuhay ng mga Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot**

| **Uri ng Hanapbuhay** | **Mga Magulang** | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Tatay** | | **Nanay** | |
| | ***f*** | **%** | ***f*** | **%** |
| Drayber | 4 | 9.09 | 0 | 0.00 |
| Guro | 0 | 0.00 | 5 | 11.37 |
| Karpentero | 5 | 11.37 | 0 | 0.00 |
| Maybahay | 0 | 0.00 | 29 | 65.91 |
| Manggagawa | 1 | 2.28 | 0 | 0.00 |
| Magsasaka | 16 | 36.37 | 2 | 4.55 |
| Negosyante | 4 | 9.09 | 8 | 18.19 |
| Pulis | 1 | 2.28 | 0 | 0.00 |
| Sundalo | 10 | 22.73 | 0 | 0.00 |
| Tagaluto | 2 | 4.55 | 0 | 0.00 |
| Trabahador sa Pier | 1 | 2.28 | 0 | 0.00 |
| **Kabuuan** | **44** | **100.00** | **44** | **100.00** |

Sa mga datos sa Talahanayan 6, makikita na ang 16 o 36.37 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot ay may mga tatay na magsasaka. Sinundan ito ng 10 o 22.73 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot na nagtatrabaho bilang sundalo; lima o

11.37 bahagdan ay mga karpentero; apat o 9.09 bahagdan ay mga drayber at negosyante; at dalawa o 4.55 bahagdan ay mga tagaluto. Samantala, 29 o 65.91 bahagdan ng mga mag-aaral ay may mga nanay na karaniwang maybahay lamang. Sinundan ito ng walo o 18.19 bahagdan na mga mag-aaral na ang mga nanay ay negosyante; lima o 11.37 bahagdan ay mga guro; at dalawa o 4.55 bahagdan ay mga magsasaka.

Masasabing ang karamihan sa mga tatay ng mga mag-aaral na tagasagot ay may hanapbuhay na pinagkukunan ng kanilang kita ng pamilya. Ngunit, ang karamihan sa mga nanay ng mga mag-aaral na tagasagot ay nasa bahay lamang. Ito ay nangangahulugang ang pamilya ng bawat mga mag-aaral na tagasagot sa kasalukuyang pag-aaral ay tumutugma sa sosyal na konstruk o konsepto ng isang pamilya na ang mga tatay ay siyang haligi ng tahanan at nagtatrabaho para sa pamilya, at ang mga nanay ay nasa bahay lamang at nangangalaga sa kapakanan ng mga anak.

**Grado sa Filipino sa Unang Markahan**. Ang Talahanayan 7 ay naglalaman ng mga datos ukol sa grado sa Filipino sa Unang Markahan ng mga mag-aaral na tagasagot.

Ipinapakita sa talahanayan na ang 19 o 43.19 bahagdan na mga mag-aaral ay nakapagtamo ng grado sa Filipino sa Unang Markahan na 80-84, na binigyang kahulugan bilang satisfactory na pang-akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang

Filipino. Sinundan ito ng 14 o 31.82 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot na nagtala ng gradong 75-79, na binigyang kahulugang fairly satisfactory na pang-akademikong pagganap ng mga mag-aaral na tagasagot sa asignaturang Filipino.

**Talahanayan 7**

**Grado sa Filipino sa Unang Markahan ng mga Mag-aaral na Tagasagot**

| Grado | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| 90 – 100 | 1 | 2.28 |
| 85 – 89 | 5 | 11.37 |
| 80 – 84 | 19 | 43.19 |
| 75 – 79 | 14 | 31.82 |
| Mababa sa 75 | 5 | 11.37 |
| **Kabuuan** | **44** | **100.00** |
| **Tamtaman** | | **80.09** |
| **SD** | | **2.76** |

Legend:
90 – 100 - Outstanding - Passed
85 – 89 - Very Satisfactory - Passed
80 – 84 - Satisfactory - Passed
75 – 79 - Fairly Satisfactory - Passed
Below 75 - Did not Meet Expectations - Failed

Samantala, isa o 2.28 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot ay nagtala ng gradong 90-100 na maituturing na outstanding na pang-akademikong pagganap ng nasabing mag-aaral na tagasagot sa asignaturang Filipino sa Unang Markahan. Subalit, lima o 11.37 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot ay nagtala ng gradong mababa sa 75 na masasabing hindi nakatugon sa lahat ng mga gawain sa asignaturang Filipino sa Unang Markahan at sila ay hindi pasado.

Sa kabuuan, ang tamtaman ng mga grado sa Filipino sa Unang Markahan ng mga mag-aaral na tagasagot ay tinaya sa

80.09, na may SD na 2.76. Ipinapahiwatig nito na ang grado sa Filipino sa Unang Markahan ng mga mag-aaral na tagasagot ay nasa humugit kumulang 80 na maituturing na satisfactory na pang-akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Unang Markahan. Nangangahulugan ito na medyo mababa ang pang-akademikong pagganap ng mga mag-aaral na tagasagot sa asignaturang Filipino sa Unang Markahan.

### Bisa sa Pagsulat ng Malikhaing Katha sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Ang mga pagtalakay sa bahaging ito ay tumutukoy sa bisa sa pagsulat ng malikhaing katha sa kakayahang komunikatibo sa Filipino batay sa iskor ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) sa pang-unang pagsusulit at panghuling pagsusulit.

**Pang-Unang Pagsusulit**. Ang Talahanayan 8 ay naglalaman ng mga iskor ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) sa pang-unang pagsusulit sa kakayahang komunikatibo na binuo ng 49 aytem.

Makikita sa Talahanayan 8 na ang lahat ng 19 o 100 bahagdan ng mga mag-aaral na kabilang sa PK ay natala ng iskor sa pagitan ng 21 at 30 sa kabuuang 49 aytem. Ang ibig nitong sabihin na sila ay nagtala ng mga iskor na may cumulative equivalence na nasa pagitan ng 42.86 at 61.23 na mababa sa pasadong grado na 75 bahagdan.

**Talahanayan 8**

**Iskor ng mga Mag-aaral sa Pang-Unang Pagsusulit sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino**

| Iskor | Mga Pangkat | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangkat Kontrol (PK) | | Pangkat Eksperimental (PE) | |
| | *f* | % | *f* | % |
| 0 - 10 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 |
| 11 - 20 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 |
| 21 - 30 | 19 | 100.00 | 25 | 100.00 |
| 31 - 40 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 |
| 41 - 50 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 |
| **Kabuuan** | **19** | **100.00** | **25** | **100.00** |
| **Tamtaman** | | **23.76** | | **29.74** |
| **SD** | | **1.14** | | **1.19** |

Ang tamtaman ng mga iskor ng mga mag-aaral sa PK sa pang-unang pagsusulit sa kakayahang komunikatibo ay tinaya sa 23.76, at may SD na 1.14. Ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral sa PK ay hindi pumasa sa ginawang pang-unang pagsusulit upang tayain ang kanilang kakayahang komunikatibo dahil ang kanilang natamong iskor ay may cumulative equivalence na 48.98 na mas mababa sa 75 na pasadong grado.

Sa kabilang banda, ang lahat o 25 o 100 bahagdan na mga mag-aaral na kalahok sa PE ay nagtala ng iskor sa pagitan ng 21 at 30 sa kabuuang 49 aytem. Ang ibig nitong sabihin na sila ay nagtala ng mga iskor na may cumulative equivalence na nasa pagitan ng 42.86 at 61.23 na mababa sa pasadong grado na 75 bahagdan.

Ang tamtaman ng mga iskor sa pang-unang pagsusulit sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa PE ay tinaya sa

29.74, at may SD na 1.19. Ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral sa PE ay hindi pumasa sa ginawang pang-unang pagsusulit sa kakayahang komunikatibo dahil ang kanilang tamtamang iskor ay may cumulative equivalence na 61.23 na mas mababa sa 75 na pasadong grado.

**Panghuling Pagsusulit**. Ang Talahanayan 9 ay naglalaman ng mga iskor ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) sa pang-huling pagsusulit sa kakayahang komunikatibo na binuo ng 49 aytem.

**Talahanayan 9**

**Iskor ng mga Mag-aaral sa Pang-Huling Pagsusulit sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino**

| Iskor | Mga Pangkat | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangkat Kontrol (PK) | | Pangkat Eksperimental (PE) | |
| | *f* | % | *f* | % |
| 0 - 10 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 |
| 11 - 20 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 |
| 21 - 30 | 0 | 0.00 | 0 | 0.00 |
| 31 - 40 | 6 | 31.58 | 4 | 16.00 |
| 41 - 50 | 13 | 68.43 | 21 | 84.00 |
| **Kabuuan** | **19** | **100.00** | **25** | **100.00** |
| **Tamtaman** | | **41.37** | | **42.00** |
| **SD** | | **1.59** | | **2.41** |

Ang talahanayan ay nagpapakita na anim o 31.58 bahagdan na mga mag-aaral na kalahok sa PK ay nagtala ng mababang iskor sa pagsusulit sa kakayahang komunikatibo na nasa 31-40 na may cumulative equivalence na nasa pagitan ng 63.27 at 81.64 na may mga iskor na mababa sa pasadong gradong 75 at may mga iskor na mas mataas ng kaunti sa pasadong gradong 75.

Samantala, ang 13 o 68.43 bahagdan na mga mag-aaral na kalahok sa PK ay nagtala ng iskor na nasa 41-50 na masasabing mataas na iskor sa pagsusulit sa kakayahang komunikatibo na may cumulative equivalence na nasa pagitan ng 83.68 at 100 na masasabing mas mataas sa pasadong gradong 75 bahagdan.

Sa kabilang banda, ipinapakita sa talahanayan na ang 21 o 84 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot sa PE ay nagtala ng pinakamataas na iskor sa pagsusulit sa kakayahang komunikatibo na nasa 41-50 na may cumulative equivalence sa pagitan ng 83.68 at 100 na masasabing mas mataas sa pasadong gradong 75 bahagdan. Ang natitirang apat o 16 bahagdan ng mga mag-aaral sa PE ay nagtala ng iskor sa pang-huling pagsusulit sa kakayahang komunikatibo na nasa 31-40 na may cumulative equivalence sa pagitan ng 63.27 at 81.64 na may mga iskor na mababa sa pasadong gradong 75 at may mga iskor na mas mataas ng kaunti sa pasadong gradong 75.

Ang tamtaman ng mga iskor sa pang-huling pagsusulit sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral na tagasagot sa PK ay tinaya sa 41.37 at may SD na 1.59. Ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral sa nasabing pangkat ay may iskor na ang cumulative equivalence ay na 83.68 o humigit kumulang ay 84 na masasabing mas mataas kaysa sa pasadong gradong 75 bahagdan. Sa kaparehong antas, ang tamtaman ng mga iskor sa pang-huling pagsusulit sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-

aaral na tagasagot sa PE ay tinaya sa 42 na may cumulative equivalence na 85.72 o humigit kumulang ay 86 na mas mataas sa pasadong gradong 75 bahagdan.

Ito ay nagpapahiwatig na mas mataas ang natamong tamtamang iskor ng mga mag-aaral sa PE kaysa sa tamtamang iskor ng mga mag-aaral sa PK sa pang-huling pagsusulit na nangangahulugan ng kabisaan sa paggamit ng pagsulat ng malikhaing katha sa paglinang ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral na tagasagot.

**Pagkakaiba sa Pagsusulat ng Malikhaing Katha ng mga Mag-aaral na Tagasagot**

Ang bahaging ito ay naglalaman ng ginawang pagtataya kung mayroong mahalagang pagkakaiba sa pagsusulat ng malikhaing katha ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental ayon sa kanilang iskor sa pang-unang pagsusulit at panghuling pagsusulit.

Sa paghahambing sa pagsusulat ng malikhaing katha ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental sa pang-unang pagsusulit sa pamamagitan ng pagtataya sa valyu ng t sa malayang tamtaman ng mga sampol, ang natuos na halaga ay 0.806 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$2.021 na may degring kalayaan na 42 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang

ipotesis na nagsasad na walang mahalagang pagkakaiba sa pagsusulat ng malikhaing katha ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental ayon sa kanilang iskor sa pang-unang pagsusulit ay tinanggap.

**Talahanayan 10**

**Paghahambing sa Pagsusulat ng Malikhaing Katha ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental**

| Pagsusulit | Halaga ng t | | Ebalwasyon/Desisyon |
|---|---|---|---|
| | Tinuos | Kritikal sa df=42 | |
| Pang-Unang Pagsusulit | 0.806 | ±2.021 | Di-Mahalaga/ Tinanggap ang Ipotesis |
| Pang-Huling Pagsusulit | 2.244 | ±2.021 | Mahalaga/ Tinanggihan ang Ipotesis |

Ito ay nagpapahiwatig na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral sa dalawang pangkat kung pagbabatayan ang kanilang mga iskor sa pang-unang pagsusulit. Ang pagtanggap sa ipotesis ay nangangahulugan na ang mga mag-aaral sa dalawang pangkat ay walang masyadong pagkakaiba sa kanilang kakayahang sumulat ng malikhaing katha sa pang-unang pagsusulit dahil parehong nasa batayang antas pa lamang ang kanilang kaalaman sa pagsusulat ng malikhaing katha.

Sa kabilang banda, sa paghahambing sa pagsusulat ng malikhaing katha ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) sa pang-huling pagsusulit sa

pamamagitan ng pagtataya sa valyu ng t sa malayang tamtaman ng mga sampol, ang natuos na halaga ay 2.244 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa ±2.021 na may degring kalayaan na 42 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mataas kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasad na walang mahalagang pagkakaiba sa pagsusulat ng malikhaing katha ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental ayon sa kanilang iskor sa pang-unang pagsusulit ay tinanggihan.

Ito ay nagpapahiwatig na mayroong mahalagang pagkakaiba sa pagsusulat ng malikhaing katha ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental batay sa kanilang mga iskor sa panghuling pagsusulit. Ito ay nangangahulugan din na ang mga mag-aaral ay nakapagtala ng mas mataas na antas ng kakayahan sa pagsusulat ng malikhaing katha sa pang-huling pagsusulit.

**Pagkakaiba sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot ayon sa Kanilang mga Profayl Varyet**

Ang Talahanayan 11 at Talahanayan 12 ay naglalaman ng mga datos hinggil sa pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental ayon sa kanilang gulang, kasarian, at grado sa Filipino sa Unang Markahan.

**<u>Kakayahang Komunikatibo ng mga Mag-aaral sa Pangkat Kontrol</u>**. Ang Talahanayan 11 ay naglalaman ng mga datos hinggil sa pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol ayon sa kanilang gulang, kasarian, at grado sa Filipino sa Unang Markahan.

**Talahanayan 11**

**Paghahambing sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Pangkat Kontrol ayon sa kanilang mga Baryet**

| Profayl Baryet | Halaga ng t | | Ebalwasyon/Desisyon |
|---|---|---|---|
| | Tinuos | Kritikal sa df=17 | |
| Gulang | 0.716 | ±2.110 | Di-Mahalaga/ Tinanggap ang Ipotesis |
| Kasarian | -0.641 | ±2.110 | Di-Mahalaga/ Tinanggap ang Ipotesis |
| Grado sa Filipino sa Unang Markahan | 1.125 | ±2.110 | Di-Mahalaga/ Tinanggap ang Ipotesis |

Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) ayon sa kanilang gulang, ang natuos na halaga ay 0.716 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa ±2.110 na may degring kalayaan na 17 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa PK ayon sa kanilang gulang ay tinanggap. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral sa PK ay

magkakapareho ang kakayahang komunikatibo ayon sa kanilang gulang. Maaaring masabi na ang isang mas batang mag-aaral ay may kaparehong kakayahang komunikatibo sa Filipino sa isang mas matandang mag-aaral.

Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) ayon sa kanilang kasarian, ang natuos na halaga ay -0.641 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$2.110 na may degring kalayaan na 17 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa PK ayon sa kanilang kasarian ay tinanggap. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral sa PK ay magkakapareho ang kakayahang komunikatibo ayon sa kanilang kasarian. Maaaring masabi na ang babaeng mag-aaral ay pareho ang kakayahang komunikatibo sa Filipino sa lalaking mag-aaral.

Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) ayon sa kanilang grado sa Filipino sa Unang Markahan, ang natuos na halaga ay 1.125 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$2.110 na may degring kalayaan na 17 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa

kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa PK ayon sa kanilang grado sa Filipino sa Unang Markahan ay tinanggap. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral sa PK ay magkakapareho ang kakayahang komunikatibo ayon sa kanilang grado sa Filipino sa Unang Markahan. Maaaring masabi na ang isang mag-aaral na kabilang sa PK na may mataas na grado sa Filipino sa Unang Markahan ay hindi nagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino sa isang mag-aaral na may mababang grado sa Filipino sa Unang Markahan.

**Kakayahang Komunikatibo ng mga Mag-aaral sa Pangkat Eksperimental**. Ang Talahanayan 12 ay naglalaman ng mga datos hinggil sa pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat eksperimental ayon sa kanilang gulang, kasarian, at grado sa Filipino sa Unang Markahan.

Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang gulang, ang natuos na halaga ay 0.150 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$2.069 na may degring kalayaan na 23 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang

pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa PE ayon sa kanilang gulang ay tinanggap. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral sa PE ay magkakapareho ang kakayahang komunikatibo ayon sa kanilang gulang. Maaaring masabi na ang isang mas batang mag-aaral ay may kaparehong kakayahang komunikatibo sa Filipino sa isang mas matandang mag-aaral.

**Talahanayan 12**

**Paghahambing sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Pangkat Eksperimental ayon sa kanilang mga Baryet**

| Profayl Baryet | Halaga ng t | | Ebalwasyon/Desisyon |
|---|---|---|---|
| | Tinuos | Kritikal sa df=23 | |
| Gulang | 0.150 | ±2.069 | Di-Mahalaga/ Tinanggap ang Ipotesis |
| Kasarian | 0.853 | ±2.069 | Di-Mahalaga/ Tinanggap ang Ipotesis |
| Grado sa Filipino sa Unang Markahan | 0.447 | ±2.069 | Di-Mahalaga/ Tinanggap ang Ipotesis |

Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang kasarian, ang natuos na halaga ay 0.853 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa ±2.069 na may degring kalayaan na 23 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa

Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa PE ayon sa kanilang kasarian ay tinanggap. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral sa PE ay magkakapareho ang kakayahang komunikatibo ayon sa kanilang kasarian. Maaaring masabi na ang babaeng mag-aaral ay pareho ang kakayahang komunikatibo sa Filipino sa lalaking mag-aaral.

Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang grado sa Filipino sa Unang Markahan, ang natuos na halaga ay 0.447 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm 2.069$ na may degring kalayaan na 23 sa antas ng kahalagahan na 0.05.

Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa PE ayon sa kanilang grado sa Filipino sa Unang Markahan ay tinanggap.

Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral sa PE ay magkakapareho ang kakayahang komunikatibo ayon sa kanilang grado sa Filipino sa Unang Markahan. Maaaring masabi na ang isang mag-aaral na kabilang sa PE na may mataas na grado sa Filipino sa Unang Markahan ay hindi nagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino sa isang mag-aaral na may mababang grado sa Filipino sa Unang Markahan.

**Mahalagang Pagkakaiba sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Dalawang Pangkat ayon sa kanilang Iskor sa Pang-Una at Pang-Huling Pagsusulat**

Ang Talahanayan 13 at Talahanayan 14 ay naglalaman ng mga datos hinggil sa ginawang pagtutuos sa pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang iskor sa pang-una at panghuling pagsusulit.

**Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Pang-Unang Pagsusulit**. Ang Talahanayan 13 ay naglalaman ng mga datos hinggil sa ginawang pagtutuos sa pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang iskor sa pang-unang pagsusulit.

**Talahanayan 13**

**Paghahambing sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot ayon sa kanilang Iskor Sa Pang-Unang Pagsusulit**

| Kakayahang Komunikatibo sa Filipino | Halaga ng t | | Ebalwasyon/Desisyon |
|---|---|---|---|
| | Tinuos | Kritikal sa df=42 | |
| Pakikinig at Pagsasalita | 0.239 | $\pm 2.021$ | Di-Mahalaga/ Tinanggap ang Ipotesis |
| Pagbasa | 0.054 | $\pm 2.021$ | Di-Mahalaga/ Tinanggap ang Ipotesis |
| Pagsulat | 1.055 | $\pm 2.021$ | Di-Mahalaga/ Tinanggap ang Ipotesis |

Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo sa aspetong pakikinig at pagsasalita ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang mga iskor sa pang-unang pagsusulit, ang natuos na halaga ay 0.239 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa ±2.021 na may degring kalayaan na 42 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino sa aspetong pakikinig at pagsasalita ng mga mag-aaral na tagasagot sa PE at PK ayon sa kanilang mga iskor sa pang-unang pagsusulit ay tinanggap. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral sa dalawang pangkat ay magkakapareho ang kakayahang komunikatibo sa aspetong pakikinig at pagsasalita ayon sa kanilang pang-unang pagsusulit. Maaaring masabi na ang kakayahan sa pakikinig at pagsasalita ng mga mag-aaral sa dalawang pangkat ay magkakapareho batay sa kanilang tinayang iskor sa pang-unang pagsusulit.

Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo sa aspetong pagbasa ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang mga iskor sa pang-unang pagsusulit, ang natuos na halaga ay 0.054 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa ±2.021 na may degring kalayaan na 42 sa

antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino sa aspetong pagbasa ng mga mag-aaral na tagasagot sa PE at PK ayon sa kanilang mga iskor sa pang-unang pagsusulit ay tinanggap. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral sa dalawang pangkat ay magkakapareho ang kakayahang komunikatibo sa aspetong pagbasa ayon sa kanilang pang-unang pagsusulit. Maaaring masabi na ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa dalawang pangkat ay magkakapareho batay sa kanilang tinayang iskor sa pang-unang pagsusulit.

Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo sa aspetong pagsulat ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang mga iskor sa pang-unang pagsusulit, ang natuos na halaga ay 1.055 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$2.021 na may degring kalayaan na 42 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino sa aspetong pagsulat ng mga mag-aaral na tagasagot sa PE at PK ayon sa kanilang mga iskor sa pang-unang pagsusulit ay tinanggap. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga

mag-aaral sa dalawang pangkat ay magkakapareho ang kakayahang komunikatibo sa aspetong pagsulat ayon sa kanilang pang-unang pagsusulit. Maaaring masabi na ang kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa dalawang pangkat ay magkakapareho batay sa kanilang tinayang iskor sa pang-unang pagsusulit.

**Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Pang-Huling Pagsusulit**. Ang Talahanayan 14 ay naglalaman ng mga datos hinggil sa ginawang pagtutuos sa pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang iskor sa pang-huling pagsusulit.

**Talahanayan 14**

**Paghahambing sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Mag-aaral na Tagasagot ayon sa kanilang Iskor Sa Pang-Huling Pagsusulit**

| Kakayahang Komunikatibo sa Filipino | Halaga ng t | | Ebalwasyon/Desisyon |
|---|---|---|---|
| | Tinuos | Kritikal sa df=42 | |
| Pakikinig at Pagsasalita | -2.617 | ±2.021 | Mahalaga/ Tinanggihan ang Ipotesis |
| Pagbasa | 8.815 | ±2.021 | Mahalaga/ Tinanggihan ang Ipotesis |
| Pagsulat | 1.690 | ±2.021 | Di-Mahalaga/ Tinanggap ang Ipotesis |

Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo sa aspetong pakikinig at pagsasalita ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang mga iskor sa pang-huling pagsusulit, ang natuos na halaga ay -2.617 na

ang kritikal na halaga ay tinaya sa ±2.021 na may degring kalayaan na 42 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mataas kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino sa aspetong pakikinig at pagsasalita ng mga mag-aaral na tagasagot sa PE at PK ayon sa kanilang mga iskor sa pang-huling pagsusulit ay tinanggihan. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral sa dalawang pangkat ay magkakaiba sa kanilang kakayahang komunikatibo sa aspetong pakikinig at pagsasalita ayon sa kanilang pang-huling pagsusulit. Ito ay nagpapahiwatig ng kabisaan sa paggamit ng pagsulat ng malikhaing katha sa paglinang sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa aspetong pakikinig at pagsasalita.

Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo sa aspetong pagbasa ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang mga iskor sa pang-huling pagsusulit, ang natuos na halaga ay 8.815 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa ±2.021 na may degring kalayaan na 42 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mataas kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa

Filipino sa aspetong pagbasa ng mga mag-aaral na tagasagot sa PE at PK ayon sa kanilang mga iskor sa pang-huling pagsusulit ay tinanggihan. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral sa dalawang pangkat ay magkakaiba sa kanilang kakayahang komunikatibo sa aspetong pagbasa ayon sa kanilang pang-huling pagsusulit. Ito ay nagpapahiwatig ng kabisaan sa paggamit ng pagsulat ng malikhaing katha sa paglinang sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa aspetong pagbasa.

Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo sa aspetong pagsulat ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang mga iskor sa pang-huling pagsusulit, ang natuos na halaga ay 1.690 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$2.021 na may degring kalayaan na 42 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino sa aspetong pagsulat ng mga mag-aaral na tagasagot sa PE at PK ayon sa kanilang mga iskor sa pang-huling pagsusulit ay tinanggap. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral sa dalawang pangkat ay magkakapareho ang kakayahang komunikatibo sa aspetong pagsulat ayon sa kanilang pang-huling pagsusulit. Maaaring masabi na ang kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa dalawang pangkat ay

magkakapareho batay sa kanilang tinayang iskor sa pang-huling pagsusulit. Ito ay nangangahulugan ding ang paggamit sa pagsulat ng malikhaing katha sa paglinang sa kakayahan sa pagsusulat ng mga mag-aaral ay hindi gaanong nagtatala ng pagkakaiba sa tradisyunal na pamamaraan ng paglinang nang nasabing kakayahan.

**Mga Implikasyon ng Pag-aaral**

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral ayon sa mga tiyak na katanungan sa paglalahad ng suliranin, ang mga sumusunod na implikasyon ay nailahad:

Ang mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental ay parehong nagtala ng mababang iskor sa pang-unang pagsusulit upang tayain ang kanilang kakayahan sa pagsulat ng malikhaing katha. Ipinahiwatig nito na ang mga mag-aaral ay parehong may batayang kaalaman lamang sa pakikipagkomunikasyon o mababang kakayahang komunikatibo.

Ang mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) ay parehong nagtala ng mataas na iskor sa pang-huling pagsusulit upang tayain ang kanilang kakayahan sa pagsulat ng malikhaing katha. Ipinahiwatig nito na ang tradisyunal na paraan ng paglinang sa kakayahang komunikatibo at ang paggamit ng pagsulat ng malikhaing katha ay parehong nagpapa-unlad sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa parehong pangkat.

Mayroong mahalagang pagkakaiba sa tinayang iskor sa pang-huling pagsusulit ang mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE). Ipinapahiwatig nito ang kabisaan ng parehong tradisyunal na paraan ng paglinang ng kakayahang komunikatibo sa Filipino at paggamit sa pagsulat ng malikhaing katha.

Mayroong mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ayon sa aspetong pakikinig at pagsasalita, at pagbasa ang mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) batay sa kanilang mga iskor sa pang-huling pagsusulit. Ipinapahiwatig nito na ang kakayahan sa pakikinig at pagsasalita, at pagbasa ng mga mag-aaral ay nakasalalay sa kabisaan ng mga estratehiyang ginamit ng guro sa pagtuturo ng mga kakayahang ito, kagaya ng paggamit ng pagsulat ng malikhaing katha.

## Kabanata 5

## LAGOM NG KINALABASAN, MGA KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay naghahayag ng lagom ng kinalabasan ng pag-aaral na may kalakip na mga konklusyon at mga rekomendasyon.

### Lagom ng Kinalabasan

Ang mga sumusunod ay ang lagom ng kinalabasan ng ginawang pagtataya sa mga datos ng pag-aaral batay sa mga tiyak na katanungan sa paglalahad ng suliranin:

1. Ang 19 o 43.19 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot ay 11 taong gulang. Sa bilang na ito, 10 o 47.62 bahagdan ang mga babae samantalang siyam o 39.13 bahagdan ang mga lalaki. Sinundan ito ng siyam o 20.46 bahagdan ng mga mag-aaral na nasa 10 taong gulang, ang tinayang pinakabata sa lahat ng mga tagasagot. Sa bilang na ito, lima o 23.81 bahagdan ang mga babae at apat o 17.40 bahagdan ang mga lalaki.

Samantala, anim o 13.64 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot ay nasa 12 taong gulang, na may isa o 4.77 bahagdan na babae at lima o 21.74 bahagdan na mga lalaki; lima o 11.37 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot ay nasa 13 taong gulang, kung saan tatlo o 14.29 bahagdan ay mga babae at dalawa o 8.70 bahagdan ay mga lalaki; at apat o 9.09 bahagdan ay nasa 14 taong gulang, kung saan ang dalawa o 9.53 bahagdan

ay mga babae at dalawa o 8.70 bahagdan ay mga lalaki. Ngunit mayroong isa o 2.28 bahagdan na mag-aaral na tagasagot na pinakamatanda sa pag-aaral na ito sa gulang na 16 taon, at isang lalaki.

Ipinapakita rin na ang tamtamang gulang ng mga babaeng mag-aaral na tagasagot ay tinaya sa 11.38 taong gulang, at may SD na 1.27. Sa kabilang banda, ang tamtamang gulang ng mga lalaking mag-aaral na tagasagot ay tinaya sa 10.48 taong gulang, at may SD na 1.30. Sa pangkalahatan, ang tamtamang gulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay tinaya sa 11.55 taong gulang, at may SD na 1.29.

2. Sa kabuuang bilang na 44, 21 o 47.73 bahagdan ay mga babae at ang 23 o 52.28 bahagdan ay mga lalaki. Ipinapahayag ng kinalabasan na mas lamang sa bilang ang mga lalaking mag-aaral na tagasagot kaysa sa mga babaeng mag-aaral na tagasagot.

3. Ang 37 o 84.09 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot ay kabilang sa mga pamilyang may tamtamang buwanang kita na nasa Php 5,600.00 at pababa. Samantala, ang natitirang pito o 15.91 bahagdan na mga mag-aaral na tagasagot ay kabilang sa mga pamilyang may tamtamang buwanang kita na nasa Php 5,601.00 – Php 10,000.00.

4. Ang 29 o 65.91 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot ay may tatay na may lebel ng elementarya bilang sanligang

edukasyon na siya ring tinayang pinakamababang antas ng edukasyon na naabot ng mga tatay ng mga mag-aaral na tagasagot. Sinundan ito ng pito o 15.91 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot na may mga tatay na nakapagtapos ng elementarya; apat o 9.09 bahagdan ng mga tatay na nakapagtapos ng antas sekundarya; at tatlo o 6.82 bahagdan ng mga tatay ay nasa lebel ng sekundarya. Samantala, isa o 2.28 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot ay may tatay na umabot sa kolehiyo ngunit hindi nakapagtapos.

Sa karagdagan, ang 30 o 68.19 bahagdan ng mga mag-aaral ay may mga nanay na nasa lebel ng elementarya, na siya ring tinayang pinakamababang antas ng edukasyon na naabot ng mga nanay ng mga mag-aaral na tagasagot. Sinundan ito ng siyam o 20.46 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot na ang mga nanay ay nakapagtapos ng elementarya; tatlo o 6.82 bahagdan ng mga nanay ay nakapagtapos ng sekundarya, na siyang tinayang pinakamataas na antas ng edukasyon na naabot ng mga nanay ng mga mag-aaral na tagasagot; at dalawa o 4.55 bahagdan ng mga nanay ay umabot sa antas sekundarya ngunit hindi nakapagtapos.

5. Ang 16 o 36.37 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot ay may mga tatay na magsasaka. Sinundan ito ng 10 o 22.73 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot na nagtatrabaho bilang sundalo; lima o 11.37 bahagdan ay mga karpentero; apat o 9.09

bahagdan ay mga drayber at negosyante; at dalawa o 4.55 bahagdan ay mga tagaluto. Samantala, 29 o 65.91 bahagdan ng mga mag-aaral ay may mga nanay na karaniwang maybahay lamang. Sinundan ito ng walo o 18.19 bahagdan na mga mag-aaral na ang mga nanay ay negosyante; lima o 11.37 bahagdan ay mga guro; at dalawa o 4.55 bahagdan ay mga magsasaka.

6. Ang 19 o 43.19 bahagdan na mga mag-aaral ay nakapagtamo ng grado sa Filipino sa Unang Markahan na 80-84, na binigyang kahulugan bilang satisfactory na pang-akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Sinundan ito ng 14 o 31.82 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot na nagtala ng gradong 75-79, na binigyang kahulugang fairly satisfactory na pang-akademikong pagganap ng mga mag-aaral na tagasagot sa asignaturang Filipino. Samantala, isa o 2.28 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot ay nagtala ng gradong 90-100 na maituturing na outstanding na pang-akademikong pagganap ng nasabing mag-aaral na tagasagot sa asignaturang Filipino sa Unang Markahan. Subalit, lima o 11.37 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot ay nagtala ng gradong mababa sa 75 na masasabing hindi nakatugon sa lahat ng mga gawain sa asignaturang Filipino sa Unang Markahan at sila ay hindi pasado. Sa kabuuan, ang tamtaman ng mga grado sa Filipino sa Unang Markahan ng mga mag-aaral na tagasagot ay tinaya sa 80.09, na may SD na 2.76.

7. Ang lahat ng 19 o 100 bahagdan ng mga mag-aaral na kabilang sa PK ay natala ng iskor sa pagitan ng 21 at 30 sa kabuuang 49 aytem. Ang ibig nitong sabihin na sila ay nagtala ng mga iskor na may cumulative equivalence na nasa pagitan ng 42.86 at 61.23 na mababa sa pasadong grado na 75 bahagdan. Ang tamtaman ng mga iskor ng mga mag-aaral sa PK sa pang-unang pagsusulit sa kakayahang komunikatibo ay tinaya sa 23.76, at may SD na 1.14.

Sa kabilang banda, ang lahat o 25 o 100 bahagdan na mga mag-aaral na kalahok sa PE ay nagtala ng iskor sa pagitan ng 21 at 30 sa kabuuang 49 aytem. Ang ibig nitong sabihin na sila ay nagtala ng mga iskor na may cumulative equivalence na nasa pagitan ng 42.86 at 61.23 na mababa sa pasadong grado na 75 bahagdan. Ang tamtaman ng mga iskor sa pang-unang pagsusulit sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa PE ay tinaya sa 29.74, at may SD na 1.19.

8. Anim o 31.58 bahagdan na mga mag-aaral na kalahok sa PK ay nagtala ng mababang iskor sa pagsusulit sa kakayahang komunikatibo na nasa 31-40 na may cumulative equivalence na nasa pagitan ng 63.27 at 81.64 na may mga iskor na mababa sa pasadong gradong 75 at may mga iskor na mas mataas ng kaunti sa pasadong gradong 75. Samantala, ang 13 o 68.43 bahagdan na mga mag-aaral na kalahok sa PK ay nagtala ng iskor na nasa 41-50 na masasabing mataas na iskor sa pagsusulit sa

kakayahang komunikatibo na may cumulative equivalence na nasa pagitan ng 83.68 at 100 na masasabing mas mataas sa pasadong gradong 75 bahagdan.

Sa kabilang banda, ang 21 o 84 bahagdan ng mga mag-aaral na tagasagot sa PE ay nagtala ng pinakamataas na iskor sa pagsusulit sa kakayahang komunikatibo na nasa 41-50 na may cumulative equivalence sa pagitan ng 83.68 at 100 na masasabing mas mataas sa pasadong gradong 75 bahagdan. Ang natitirang apat o 16 bahagdan ng mga mag-aaral sa PE ay nagtala ng iskor sa pang-huling pagsusulit sa kakayahang komunikatibo na nasa 31-40 na may cumulative equivalence sa pagitan ng 63.27 at 81.64 na may mga iskor na mababa sa pasadong gradong 75 at may mga iskor na mas mataas ng kaunti sa pasadong gradong 75.

Ang tamtaman ng mga iskor sa pang-huling pagsusulit sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral na tagasagot sa PK ay tinaya sa 41.37 at may SD na 1.59.

9. Sa paghahambing sa pagsusulat ng malikhaing katha ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental sa pang-unang pagsusulit sa pamamagitan ng pagtataya sa valyu ng t sa malayang tamtaman ng mga sampol, ang natuos na halaga ay 0.806 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$2.021 na may degring kalayaan na 42 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay

mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasad na walang mahalagang pagkakaiba sa pagsusulat ng malikhaing katha ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental ayon sa kanilang iskor sa pang-unang pagsusulit ay tinanggap.

10. Sa paghahambing sa pagsusulat ng malikhaing katha ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) sa pang-huling pagsusulit sa pamamagitan ng pagtataya sa valyu ng t sa malayang tamtaman ng mga sampol, ang natuos na halaga ay 2.244 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$2.021 na may degring kalayaan na 42 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mataas kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasad na walang mahalagang pagkakaiba sa pagsusulat ng malikhaing katha ng mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat kontrol at pangkat eksperimental ayon sa kanilang iskor sa pang-unang pagsusulit ay tinanggihan.

11. Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) ayon sa kanilang gulang, ang natuos na halaga ay 0.716 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$2.110 na may degring kalayaan na 17 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang

pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa PK ayon sa kanilang gulang ay tinanggap.

12. Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) ayon sa kanilang kasarian, ang natuos na halaga ay -0.641 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$2.110 na may degring kalayaan na 17 sa antas ng kahalagahan na 0.05.

Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa PK ayon sa kanilang kasarian ay tinanggap.

13. Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) ayon sa kanilang grado sa Filipino sa Unang Markahan, ang natuos na halaga ay 1.125 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$2.110 na may degring kalayaan na 17 sa antas ng kahalagahan na 0.05.

Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa PK ayon sa kanilang grado sa Filipino sa Unang Markahan ay tinanggap.

14. Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang gulang, ang natuos na halaga ay 0.150 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$2.069 na may degring kalayaan na 23 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa PE ayon sa kanilang gulang ay tinanggap.

15. Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang kasarian, ang natuos na halaga ay 0.853 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$2.069 na may degring kalayaan na 23 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa PE ayon sa kanilang kasarian ay tinanggap.

16. Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang grado sa Filipino sa Unang Markahan, ang natuos na halaga ay 0.447 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$2.069 na may

degring kalayaan na 23 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral na tagasagot sa PE ayon sa kanilang grado sa Filipino sa Unang Markahan ay tinanggap.

17. Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo sa aspetong pakikinig at pagsasalita ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang mga iskor sa pang-unang pagsusulit, ang natuos na halaga ay 0.239 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa ±2.021 na may degring kalayaan na 42 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino sa aspetong pakikinig at pagsasalita ng mga mag-aaral na tagasagot sa PE at PK ayon sa kanilang mga iskor sa pang-unang pagsusulit ay tinanggap.

18. Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo sa aspetong pagbasa ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang mga iskor sa pang-unang pagsusulit, ang natuos na halaga ay 0.054 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa ±2.021 na may degring kalayaan

na 42 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino sa aspetong pagbasa ng mga mag-aaral na tagasagot sa PE at PK ayon sa kanilang mga iskor sa pang-unang pagsusulit ay tinanggap.

19. Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo sa aspetong pagsulat ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang mga iskor sa pang-unang pagsusulit, ang natuos na halaga ay 1.055 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$2.021 na may degring kalayaan na 42 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino sa aspetong pagsulat ng mga mag-aaral na tagasagot sa PE at PK ayon sa kanilang mga iskor sa pang-unang pagsusulit ay tinanggap.

20. Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo sa aspetong pakikinig at pagsasalita ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang mga iskor sa pang-huling pagsusulit, ang natuos na halaga ay -2.617 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$2.021 na may

degring kalayaan na 42 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mataas kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino sa aspetong pakikinig at pagsasalita ng mga mag-aaral na tagasagot sa PE at PK ayon sa kanilang mga iskor sa pang-huling pagsusulit ay tinanggihan.

21. Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo sa aspetong pagbasa ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang mga iskor sa pang-huling pagsusulit, ang natuos na halaga ay 8.815 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$2.021 na may degring kalayaan na 42 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mataas kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino sa aspetong pagbasa ng mga mag-aaral na tagasagot sa PE at PK ayon sa kanilang mga iskor sa pang-huling pagsusulit ay tinanggihan.

22. Sa paghahambing sa kakayahang komunikatibo sa aspetong pagsulat ng mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) ayon sa kanilang mga iskor sa pang-huling pagsusulit, ang natuos na halaga ay 1.690 na ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$2.021 na may degring kalayaan

na 42 sa antas ng kahalagahan na 0.05. Napatunayan sa ginawang pagtutuos na ang tinayang halaga ay mas mababa kaysa sa kritikal na halaga kung kaya't ang ipotesis na nagsasaad na walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino sa aspetong pagsulat ng mga mag-aaral na tagasagot sa PE at PK ayon sa kanilang mga iskor sa pang-huling pagsusulit ay tinanggap.

## Mga Kongklusyon

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, ang mga sumusunod ay ang mga inihayag na kongklusyon:

1. Ang mga mag-aaral ay nasa wastong gulang sa kanilang grado sa intermedya; karamihan ay mga lalaki; may mababang tamtamang buwanang kita; may mga magulang na may mababang antas ng sanligang edukasyon; kabilang sa mga pamilyang ang tatay ang solong naghahanapbuhay at ang mga nanay ay nasa bahay lamang; at mayroong mababang grado sa Filipino sa Unang Markahan.

2. Ang mga mag-aaral sa PK at PE ay parehong nagtala ng mababang iskor sa pang-unang pagsusulit upang tayain ang kanilang kakayahan sa pagsulat ng malikhaing katha.

3. Ang mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) ay parehong nagtala ng mataas na iskor sa pang-huling pagsusulit upang tayain ang kanilang kakayahan sa pagsulat ng malikhaing katha.

4. Mayroong mahalagang pagkakaiba sa tinayang iskor sa pang-huling pagsusulit ang mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE).

5. Mayroong mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ayon sa aspetong pakikinig at pagsasalita, at pagbasa ang mga mag-aaral sa pangkat kontrol (PK) at pangkat eksperimental (PE) batay sa kanilang mga iskor sa pang-huling pagsusulit.

**Mga Rekomendasyon**

Ayon sa nabanggit na mga kongklusyon, ang mananaliksik ay nagpanukala ng sumusunod na mga rekomendasyon:

1. Ang mga gurong nagtuturo ng Filipino sa antas intermedya ay dapat na magsagawa ng iba't ibang mga gawain sa klase na pupukaw sa kawilihan ng mga mag-aaral sa nasabing asignatura upang mapataas ang kanilang mga grado sa susunod na markahang pagsusulit. Maaaring gumamit ng iba't ibang lunsaran kagaya ng mga biswal na kagamitang pampagtuturo at mga elektronikong instruksyonal materyal.

2. Hikayatin ang mga guro na palagiang gamitin ang pagsulat ng mga malikhaing katha upang malinang ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral lalo na sa aspetong pakikinig at pagsasalita, at pagbasa.

3. Ilahad sa mga mag-aaral ang lahat ng uri ng mga malikhaing katha at ang iba't ibang paraan upang malinang ang

pagsusulat ng mga ito upang sa kalaunan makatulong sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa pakikinig at pagsasalita, at pagbasa.

4. Linangin ang kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga takdang gawain sa loob ng klase kagaya ng paggawa ng mga sanaysay, tula, dula, at iba pang kahalintulad na elemento.

5. Magsagawa ng isang panubaybay na pananaliksik kasangkot ang mga mag-aaral sa ibang grado o antas sa ibang paaralan, distrito o sangay.

# T A L A S A N G G U N I A N

## A. MGA AKLAT


Arrogante, Jose A. **Pagsulat ng Malikhaing Katha**. Manila: Great Book Trading, 2000.

Badayos, Paquito B. **Worktext sa Komposisyn: Paglikha at Pagsulat III**. Quezon City: Vibal Publishing House, 2006.

Bandura, A. **Social Learning Theory**. New York: General Learning Press, 1977.

Bernales, R. A. **Pagbasa, Pagsulat, Pananaliksik**. Manila, Philippines: Philippine Book Company, 2001.

Calderon, Clemente S. **Basic Principles in Teaching**. Quezon City, Philippines: Phoenix, 2013.

Campbell, Timothy C. **Wireless Writing in the Age of Marconi**. Minneapolis: University of Minnesota Press, 2000.

Dayag, Alma M. & Del Rosario, Mary Grace G. **Pinagyamang Pluma**. Manila, Philippines: Phoenix Publishing House, 2009.

Emery, Donald W. **English Fundamentals**. Longman Publishing, 2004.

Fantini, Alvino E. **Intercultural Communicative Competence in Educational Exchange: A Multinational Perspective**. New York: McGraw-Hill, 2004.

Foster, Susan. **The Communicative Competence of Young Children: A Modular Approach**. New York: Longman, Inc., 1990.

Gumperz, John J., et al. **Discourse Strategies**. Berkeley, CA: University of California in Berkeley, 1985.

Kelly, Michael. **Encylopedia of Aesthetics**. New York, NY: Oxford University Press, 1965.

Mabilin, Edwin. **Transpormatibong Komunikasyon sa Akademikong Filipino**. Manila, Philippines: Phoenix Publishing, 2012.

**Merriam-Webster's Collegiate Dictionary**. Springfield, MA: Merriam-Webster Incorporated, 1982.

Ornstein, Allan C. **Strategies for Effective Teaching**. New York, NY: Harper and Row, 1990.

Sellars, Wilfrid S. **The Role of Imagination: Kant's Theory of Experience**. Pittsburgh: University of Pittsburgh Press, 1990.

Simon, Gary A. & Freund, John E. **Modern Elementary Statistics**. Prentice Hall, 1992.

Villafuerte, P. V. et al. **Pagtuturo ng/sa Filipino: Mga Teorya at Praktika**. Guyabano St., Antonio Subdivision, Dalandan, Valenzuela City: Mega-Jesta Prints, Inc., 2005.

Vygotsky, L. S. **Mind in Society: The Development of Higher Psychological Processes**. Cambridge, MA: Harvard University Press, 1978.

## B. MGA DYORNAL/PERYODIKO/IBA PANG LATHALAIN

Canale, M. & Swain, M. "Theoretical Bases of Communicative Approaches to Second Language Teaching and Testing". **Applied Linguistics**, 1(1), 1980.

De Juan, G. "Mga Suliranin ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino". **Filipinotek**, 2013.

Drucker, Peter F. "Reflections of a Social Ecologist". **Society**, 2006.

Livingston, Haley D. "Interdisciplinary Writing". **READ**, 2006.

Myers, Anne & Hansen, Christine H. "Experimental Psychology". **Research Gate**, 2012.

Nevak, L. "Dialogue in the Lecture Hall: Teacher-Student Communication and Students' Perceptions of their Learning". **Qualitative Research Reports in Communication**, 6(1), 2006.

Peck, William C. & Buckingham, Thomas. "Writing from Experience: A Composition Program for Intermediate Students". **English Teaching Forum**, Vol. XIV, 1998.

Rozakis, J.S. "Facilitating Access to Communities of Practice in Language Teaching: Toward a Socio-Literate Approach to Teacher Education". **The Modern Lang. J.**, 86, 1997.

Rusbult, Craig. "Productive Thinking in Science and Life". **ASA**, 1997.

Tangonan, Rosalie B., et al. “Special Filipino Curriculum: Isang Mungkahing Kurikulum sa Filipino para sa Dayuhang Mag-aaral”. **The Normal Lights**, Volume 10, No. 2, 2016.

Thorndike, E.L. & Woodworth, R.S. “The Influence of Improvement in one Mental Function upon the Efficiency of Other Functions”. **Psychological Review**, 8, 1901.

### C. MGA NALATHALA AT DI-NALATHALANG MATERYAL

Coronel, Levi M. “Antas sa Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral ng Filipino 1 sa Tersyarya ng St. Michael’s College: Batayan sa Programang Pang-Interbensyon”. Di-Nalathalang Tesis, Philippine Normal University, Manila, 2009.

Del Castillo, Rowena U. “Prosesong Pagdulog sa Pagsulat ng Iba’t Ibang Teksto sa Elementarya”. Di-Nalathalang Tesis, Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Maynila, Marso 07, 2010.

Delfin, Erwin A. “Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Estudyante sa Haiskul ng mga Piling Paaralan”. Di-Nalathalang Tesis, Samar College, Lungsod ng Catbalogan, 2008.

Go, Joy T. “Kakayahang Pangwika sa Filipino ng mga Estudyante sa Ikalawang Taon ng Pambansang Paaralan ng Samar”. Di-Nalathalang Tesis, Samar College, Lungsod ng Catbalogan, 2007.

Gutierrez, Lailanie M. “Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagsulat: Pantulong sa Pagwawasto ng Epekto ng SMS/Text Messaging sa Pagsulat sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Ika-7 Baitang ng De La Salle Lipa”. Di-Nalathalang Tesis, De La Salle University, Manila, 2014.

Lartec, Norbert C. “Kakayahang Panggramatika sa Filipino ng mga Mag-aaral sa University of the Cordilleras”. Isang Di-Nalathalang Tesis, University of the Philippines, Diliman, Lungsod ng Quezon, 2011.

Lasala, Charita B. “Communicative Competence of Secondary Senior Students: Language Instructional Pocket”. Unpublished Master’s Thesis, University of the Visayas, Cebu City, 2014.

Mustacisa, Noel. “Ang Kakayahang Komunikatibo sa Filipino at mga Istilong Pagkatuto ng mga Estudyante sa Kolehiyo”. Isang Di-Nalathalang Tesis, Samar College, Lungsod ng Catbalogan, 2014.

Rada, Ester T. “Pagbuo ng Instrumento sa Pagtaya ng Kognitibong Akademikong Kahusayang Pangwika sa Filipino: Tuon sa Kasanayan sa Pagsulat ng mga Estudyanteng nasa Kolehiyo”. Isang Di-Nalathalang Tesis, San Beda College, Maynila, 2010.

Tsu, Liz. “Kabisaan ng Process Approach sa Pagtuturo ng Pagsulat sa mga Mag-aaral”. Isang Di-Nalathalang Tesis, Pamantasan ng Lungsod ng Maynila, Maynila, 2013.

## D. ELEKTRONIKO AT IBA PANG MATERYAL

Atas Republika Bilang 7104 o Republic Act No. 7104 on Commission on the Filipino Language Act, 1991

Batayang Kurikulum sa Filipino, 2013

Ebel, Robert C. “Confidence Weighting and Test Reliability”. A Paper Delivered at the Annual Meeting of the National Council on Measurement in Education, Chicago, IL, 1965.

https://www/academia.edu, Pebrero 11, 2017

https://www.deped.gov.ph, Pebrero 12, 2017

https//www.ldpride.net, Pebrero 5, 2019

http://www.literaturewaleo.org, Pebrero 4, 2017

https://www.slideshare.net, Pebrero 11, 2017

https://www.slideshare.net, Marso 4, 2017

Torres, Maricel N. at Reyes, Efren Jr. “Kakayahang Komunikatibo Susi sa Tagumpay sa Pananaliksik? Isang Kuwalitatibong Pag-aaral sa mga Piling Mag-aaral sa Senior Hayskul, Baitang Ika-12”. Isang Napapanahong Papel Isinumite sa Kagawaran ng Edukasyon, Sangay ng Pampanga, 2010.

# M G A   A P E N D I K S

# APENDIKS A

## Liham Pahintulot sa Pagpapatibay ng Suliranin

Samar College
Lungsod ng Catbalogan

Agosto 9, 2016

**NIMFA T. TORREMORO, Ph.D.**
Dekana, Gradwadong Paaralan
Samar College
Lungsod ng Catbalogan

Mahal na Dekana:

Isang mapagpalang araw!

Magalang na ipinababatid ng nakalagda ang pagnanais na magsagawa ng isang panukalang tesis bilang pagtupad sa mga gawaing itinakda ng degring, Master sa Sining ng Edukasyon, medyor sa Filipino. Kaugnay nito, nais kong isumite ang sumusunod na mga paksa ng nais kong sulating panukalang tesis, na may partikular na interes sa unang paksa:

1. **ANG BISA SA PAGSULAT NG MALIKHAING KATHA SA KAKAYAHANG KOMUNIKATIBO SA FILIPINO NG MGA INTERMEDYANG MAG-AARAL**
2. **MALIKHAING KATHA LUNSARAN SA KAKAYAHANG KOMUNIKATIBO SA FILIPINO NG MGA INTERMEDYANG MAG-AARAL**
3. **ANG PAGTUTURO NG PAGSULAT SA MGA MAG-AARAL SA INTERMEDYA NG MABABANG PAARALAN NG LAGUNDI**

Kaugnay rin po nito, nais ko pong hingin ang inyong pahintulot na makapagsimula sa pagsulat ng aking pananaliksik. Ang inyong pahintulot ay aking lubos na kikilalanin at pasasalamatan. Maraming salamat po!

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **FATIMA A. TAMBOR**
Mananaliksik

_1_ (LGD.) NATALIA B. UY, Ph.D.

_1_ (LGD.) ROSARIO E. RESMA, M.A.Ed.

_1_ (LGD.) FERNANDO C. MACABARE

Pinagtibay:

(LGD.) **NIMFA T. TORREMORO, Ph.D.**
Dekana

**APENDIKS B**

**Liham Pagtatakda ng Tagapayo**

Republic of the Philippines
Commission on Higher Education
Region VIII
**SAMAR COLLEGES, INC.**
**COLLEGE OF GRADUATE STUDIES**
City of Catbalogan

**PANGALAN** : FATIMA A. TAMBOR

**KURSO** : Master sa Sining ng Edukasyon

**MIDYUR** : Filipino

**PAMAGAT NG TESIS** : **ANG BISA SA PAGSULAT NG MALIKHAING KATHA SA KAKAYAHANG KOMUNIKATIBO SA FILIPINO NG INTERMEDYANG MAG-AARAL**

**TAGAPAYO** : CARMELITA C. ABDURAHMAN, Ed.D.

(LGD.) **FATIMA A. TAMBOR**
Pangalan ng mga Mananaliksik

Conforme:

(LGD.) **CARMELITA C. ABDURAHMAN, Ph.D.**
Tagapayo

Pinagtibay:

(LGD.)**NIMFA T. TORREMORO, Ph.D.**
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

# APENDIKS C

## Liham Panimula ng Talatanungan

Samar College
Lungsod ng Catbalogan

Enero 11, 2017

Mahal na Mag-aaral na Tagasagot:

Isang mapagpalang araw po!

Ako po ay kasalukuyang nakatala bilang isang estudyante sa Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral ng Samar College, Lungsod ng Catbalogan, at nagsasagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, **"Ang Bisa sa Pagsulat ng Malikhaing Katha sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Intermedyang Mag-aaral"** bilang gawaing itinakda ng aking degri. Kaugnay nito, ako po ay taos pusong humihingi ng inyong suporta sa pamamagitan ng pagbibigay pahintulot sa akin na kayo ay maging isa sa mga tagasagot sa pag-aaral na ito.

Makakaasa po kayong ang kalalabasan ng pag-aaral na ito ay ibabahagi sa inyo upang magsilbing fidbak para sa pagpapabuti ng inyong kakayahang komunikatibo.

Maraming salamat po!

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **FATIMA A. TAMBOR**
Mananaliksik

# APENDIKS D

## Talatanungan para sa mga Mag-aaral

**UNANG BAHAGI. PROFAYL NG MGA MAG-AARAL NA TAGASAGOT**

**PANUTO:** Ang bahaging ito ng talatanungan ay naglalaman ng mga aytem tungkol sa inyong mga personal na datos. Pakilagyan ng mga kinakailangang impormasyon ang mga puwang na nakatalaga sa bawat aytem at/o pakilagyan ng tsek (/) ang angkop na puwang.

Pangalan ____________________________________________________
(Opsyonal)

Gulang _____ Kasarian ( ) Lalaki ( ) Babae

Tamtamang Buwanang Kita ng Pamilya
( ) Php 5,600.00 at Mababa
( ) Php 5,601 - Php 10,000.00

Antas ng Edukasyon na Natapos ng mga Magulang

| Tatay | | Nanay |
|---|---|---|
| ( ) | Lebel ng Elementarya | ( ) |
| ( ) | Gradwadong Elementarya | ( ) |
| ( ) | Lebel ng Sekundarya | ( ) |
| ( ) | Gradwadong Sekundarya | ( ) |
| ( ) | Kolehiyong Lebel | ( ) |
| ( ) | Gradwadong Kolehiyo | ( ) |

Hanapbuhay ng mga Magulang:

| Tatay | | Nanay |
|---|---|---|
| ( ) | Drayber | ( ) |
| ( ) | Guro | ( ) |
| ( ) | Karpentero | ( ) |
| ( ) | Maybahay | ( ) |
| ( ) | Manggagawa | ( ) |
| ( ) | Magsasaka | ( ) |

Grado sa Filipino sa Unang Markhan _____

# APENDIKS E

## Pagsusulit sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino

Pangalan ____________________________ Baitang ________

Guro ________________________________ Petsa ________

**I. PAGSASALITA AT PAKIKINIG**

**A. PAGPIPILI**

**PANUTO:** Piliin ang tamang bigkas ng salita sa pamamagitan ng pinalaking titik. Uriin kung tama ang paggamit ng tuldik. Paitimin ang kahon na katumbas ng inyong napiling sagot.

1. a. **U**ri b. u**R**i c. ur**I**
2. a. tak**b**o b. **TA**kbo c. ta**K**bo
3. a. alitapt**A**p b. **A**litaptap c. al**I**taptap
4. a. pamayp**A**y b. p**A**maypay c. pam**A**ypay
5. a. k**A**tawan b. kat**A**wan c. kataw**A**n
6. a. hiw**A** b. h**I**wa c. h**I**w**A**
7. a. damb**U**hala b. d**A**mbuhala c. dambuhal**A**
8. a. talumpat**I** b. t**A**lumpati c. tal**U**mpati
9. a. napah**I**ga b. napahig**A** c. n**A**pahiga
10. a. mangingisd**A** b. manging**I**sda c. m**A**ngingisda

B. Ang bilang 11-22 ay isang dayalogo. Unawain itong mabuti. Piliin ang salitang angkop na gagamitin sa bawat puwang at paitimin ang kahon na katumbas ng inyong sagot.

11. Abala si Aling Nena sa pagluluto. __________ mamaya ang kanyang anak mula sa Amerika.

    a. dumating b. dumarating c. darating

12. Matagal na nawala ang __________ anak kaya't sabik na sabik siyang makita ito.

a. kaniyang    b. kaniya    c. kaniya na

13. Paikot-ikot si Aling Deling. ___________ may hinahanap.

a. mukha    b. mukha na    c. mukhang

14. Nakatawang __________ si Mang Isko na dala ang basket na pamalengke.

a. lumalapit    b. lumapit    c. lalapit

15. ___________ ba ang hinahanap mo? Tanong ni Mang Isko.

a. Iyon    b. Ito    c. Iyan

16. "Hindi iyan, sagot ni Aling Deling". Iyong __________ bag ang hinahanap ko" sa Amerika.

a. pulang    b. pula    c. pula na

17. Bakit magdadala ka pa ng bag ___________ mayroon ka ng bastket?

a. habang    b. gayong    c. kung

18. "Bibili kasi ako ng prutas. Pambigay sa doctor na tumingin ____________.

a. akin    b. sa akin    c. kay sa akin

19. "Ganon ba? Sige at ____________ ko ang paglalagyan.

a. ihanda    b. inihanda    c. ihahanda

20. "Hindi ka na kailangang ____________ ng lalagyan".

a. naghahanda    b. maghanda    c. naghanda

21. "Buti pa ___________ ka ng basket na pamprutas".

a. bumili    b. bibili    c. magbili

22. "Kung iyan lang ay mayroon tayo diyan ___________ ni Kumareng Rosy noong isang araw.

a. bibigyan    b. ibinigay    c. binibigyan

B. Unawain ang bawat dayalogo. May mga bahaging pipiliin na pinakaangkop na sabihin o isagot sa kausap. Paitiman ang kahon na katumbas ng iyong sagot.

**SITWASYON:** Nalalapit na ang pista ng nayon kaya abala sa paglilinis si Sonia at ang kanyang ate.

**Ate**: Sonia, ano ba ang ginagawa mo?

**Sonia**: ___________ (23)

a. Inaayos ko ang mga halaman, ate.
b. Inayos ko ang mga halaman, ate.
c. Aayusin ko ang mga halaman, ate.

**Ate**: E, nilinis mo na ba ang kisame?

**Sonia**: ___________ (24)

a. Wawalisin ko pa ang agiw.
b. Wawalisan ko pa ang agiw.
c. Iwawalis ko pa ang agiw.

**Ate**: Bilis-bilisan mo at nang maayos natin itong ireng cabinet. Nagkagulo ang mga kasangkapan rine.

**Sonia**: Saka na yan. ____________ (25)

a. Aalisin pang lahat iyan sa kabinet para maayos na mabuti.
b. Aalisan pang lahat iyan sa kabinet para maayos mabuti.
c. Aalis pang lahat iyan sa kabinet para maayos na mabuti.

**Ate**: Ikaw na nga ang bahala. Teka, ang mga kurtina. _____________ (26)

a. Magluto ka na kung ikinabit ko ang kurtina.
b. Magluto ka na kapag ikinabit ko ang kurtina.
c. Magluto ka na habang ikinakabit ko ang kurtina.

**Sonia**: Sige, kung ganon.

**II. PAGBASA**

**A. PAGBASA**

**PANUTO:** Basahin nang mabuti ang bawat sitwasyon at ang kasunod na pahayag. Sa inyong sagutang papel, paitiman ang

kahon na may nakasulat na titik na siyang katumbas ng iyong sagot. Tandaan isa lamang ang pinakawastong sagot.

27. Agad ko siyang nakilala sapagkat

a. kamukha siya ng kanyang ama.
b. nakakuha siya sa kanyang ama.
c. kamukha siya tulad ng ama.

28. Nang nakauwi galing sa simbahan ang mga bata, naratnan ang kanilang Lola Conching sa may beranda.

a. Hay. Grandma!
b. Mano po, Lola!
c. Magandang umaga, Lola!

29. Biglang dinapuan ng mabigat na karamdaman si Carla kaya:

a. tumawag siya ng doctor.
b. nagpatawag siya ng doctor.
c. nagtatawag siya ng doctor.

**B. PAGBUBUOD NG TALATAAN**

30. Madilim ang langit. Ang araw ay nagtatago sa likod ng mga ulap. Ang malamig na hangin ay umiihip nang malakas.

a. Tila aaraw.
b. Tila babaha.
c. Tila uulan.

31. Si Lito ay may dalang basket. Ang basket ay may lamang mais. Siya ay nagtungo sa likod-bahay na dala ang basket.

a. Si Lito ay magsisimba.
b. Si Lito ay magdidilig ng halaman.
c. Si Lito ay magpapakain ng manok.

**C. Piliin ang angkop na pamagat para sa talataan.**

32. Kay gandang tingnan ng mga ulap. Iba-iba ang kanilang hugis. May hugis bulaklak. May ulap na hugis tupa.

a. Ang mga Ulap.
b. Ang mga Tupa.
c. Ang mga Bulaklak

33. Si Dante ay hindi nahuhuli sa pagpasok. Maaga siya kung gumising. Maaga siya kung kumain ng almusal at pagkatapos agad nagbibihis. Dumarating siya sa paaralan sa oras.

a. Ang Batang Masipag
b. Ang Batang Maagap
c. Ang Batang Magalang

**C. Piliin sa mga salita sa panaklong ang kaugnay ng pangatlong salita sa bawat bilang. Paitiman ang kahon na may titik na siyang katumabas ng iyong sagot.**

34. bapor-bakal: balsa-

a. kawayan
b. salbabida
c. Bangka

35. hitik-bunga: umapaw-

a. bulaklak
b. tubig
c. katas

**III. PAGKILALA SA MALI**
**PANUTO:** Paitiman ang kahon na katumbas ng iyong sagot.

36. Yari ang bakod (a) sila sa kawayang luma (b)

na hindi gaanong ipinako (c)

37. Nawala (a) na interes sa pag-aaral (b)

ang anak (c)

38. Ng (a) siya’y bago pang abogado (b) mahilig siya (c)

sa mga kuwentong katatawanan

39. Mag-aral (a) ka (b) ng mabuti (c)

**III. PAGSULAT**

**PANUTO:** Inatasan kang sumulat ng malikhaing katha na mayroong batayan na gagamiting salita upang mabuo ang katha. Piliin ang mga tamang salita at paitiman ang kahon na katumbas ng iyong sagot.

Si Uganda ay ____________ (aruga) at _____________ (mahal).

40. a. mapag-aruga b. nag-aaruga c. mapag-arugain

41. a. mapagmahal b. nagmamahal c. mahal

na ina. Hinahangaan siya ng lahat sa pagsisikap na ___________ (laki)

42. a. mapalaki b. mapalaking c. laking kaisa-isang

anak na si Kulala. Ulila na sa ama si Kulala. Bata pa siya nang matuklaw ng ahas sa bundok ang ama. Totoong mahirap ___________ (laki) walang ama.

43. a. laking b. lumaking c. lumaki

Para kay Kulala hindi buo ang pamilya nila kung patay na ang isa sa mga magulang. Noong una ay hirap din si Uganda. Ina lang sana ang papel _____________ (gampanan) niya.

44. a. ginampanan b. ginagampanan c. gampanan

Nang mamatay ang asawa, siya na ang ina, siya pa rin ang ama ng ___________ (tangi) anak.

45. a. tanging b. katangian c. katangi-tangi

Pero kahit nag-iisa na ay hindi niya naisip ___________ (asawa)

46. a. asawahin b. mag-asawa c. mag-aasawa

Pinagsikapan niyang mapalaki sa mabuting asal si Kulala. Sa sobrang hirap na ____________ (danas)

47. a. dinanas b. dinadanas c. karanasan

niyang maibigay kay Uganda ang lahat. Nais niyang ____________ (asawa) ito ng

48. a. nakapag-asawa b. nakapag-asawa c. makapag-asawa

____________ (yaman)

49. a. kayamanan b. mayaman c. yamanan

# APENDIKS F

## Talahanayan ng Ispesipikasyon

| Kasanayan | Bahagdan | Bilang ng Aytem | Kinalalagyan | Uri ng Aytem |
|---|---|---|---|---|
| A. Pakikinig | | 10 | 1.1-10 | |
| 1. Napipili ang tamang bigkas ng salita | 26% | 10 | 1.1-10 | Pagpili |
| 2. Natutukoy ang pangkomunikatibong gamit ng mga pahayag batay sa sitwasyon | | | | |
| B. Pagbasa | 13% | | | |
| 1. Napipili ang mga pahayag na angkop sa sitwasyon | | 3 | II 27-29 | Pagpili |
| 2. Natutukoy ang buod ng talataan | | 2 | 30-31 | Pagpili |
| 3. Napipili ang angkop na pamagat sa talataan | | 2 | 32-35 | Pagpili |
| 4. Naibibigay ang mga salitang magkakatumbas at magkakaugnay | | 2 | 34-35 | Pagpili |
| C. Pagsulat | | | | |
| 1. Nakikilala ang mga salita o pahayag na nagpapamali sa pangungusap | | 4 | 36-39 | Pagpili |
| 2. Naisusulat ang angkop na salita/pahayag na angkop sa sitwasyon | 11% | 11 | 40-49 | Pagpili |

## APENDIKS G

## Liham Kahilingan para sa Iskedyul ng Pasalitang Pagsusulit

Samar College
Lungsod ng Catbalogan

Oktubre 30, 2016

**DR. NIMFA T. TORREMORO**
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
Samar College, Lungsod ng Catbalogan

Madame:

Isang mapagpalang araw po!

Ikinararangal kong humiling ng iskedyul para sa pasalitang pagsusulit sa tesis kong pinamagatang, **"Ang Bisa sa Pagsulat ng Malikhaing Katha sa Kakayahang Komunikatibo sa Filipino ng mga Intermedyang Mag-aaral"** sa Oktubre 31, 2016, sa ganap na ika-walo ng umaga.

Aasahan kop o ang inyong pagsang-ayon sa kahilingang ito.

Kalakip po nito ang kopya ng mga manuskrito para sa distribusyon sa mga kinauukulan. Maraming salamat po!

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **FATIMA A. TAMBOR**
Mananaliksik

Inirekomendang Pagpapatibay:

(LGD.) **CARMELITA C. ABDURAHMAN, Ed.D.**
Tagapayo

Pinagtibay:

(LGD.)**NIMFA T. TORREMORO, Ph.D.**
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

# K U R I K U L U M   V I T A

**MGA PERSONAL NA IMPORMASYON**

| | | |
|---|---|---|
| Pangalan | : | **FATIMA A. TAMBOR** |
| Lugar ng Kapanganakan | : | Lungsod ng Catbalogan |
| Petsa ng Kapanganakan | : | Setyembre 18, 1989 |
| Katayuang Sibil | : | Walang Asawa |
| Tirahan | : | Km. 1, South Road<br>Lungsod ng Catbalogan |
| Kasalukuyang Posisyon | : | Teacher III |

**MGA EDUKASYONG NATAMO**

| | | |
|---|---|---|
| Elementarya | : | Paaralang Sentral ng Catbalogan I<br>Lungsod ng Catbalogan<br>Taong Panuruan 1995-2001 |
| Sekundarya | : | Pambansang Paaralan ng Samar<br>Lungsod ng Catbalogan<br>Taong Panuruan 2001-2005 |
| Kolehiyo | : | St. Mary’s College of Catbalogan<br>Lungsod ng Catbalogan<br>Taong Panuruan 2005-2009 |
| Kurso | : | **BATSILYER SA ELEMENTARYANG EDUKASYON** |
| Gradwadong Pag-aaral | : | Samar College<br>Lungsod ng Catbalogan<br>Taong Panuruan 2013-2016 |
| Kurso | : | Master sa Sining ng Edukasyon (Filipino) |

**KARAPATANG SERBIYSO SIBIL**

Lisensyadong Eksaminasyon para sa mga Guro (LET)
Lungsod ng Tacloban

Marsa 11, 2012
Antas 75.60%

## KARANASANG PROPESYUNAL

Teacher III
Paaralang Elementarya ng Lagundi
Lungsod ng Catbalogan
2013-Kasalukuyan

## SALINGKURANG PAGSASANAY NA DINALUHAN

Division Training Workshop on SBM WINS
Lungsod ng Catbalogan
Setyembre 13-14, 2016

Division Training on the Contextualization on the Kindergarten Report Card
Lungsod ng Catbalogan
Agosto 8, 2016

Division Training on Child Protection Policy
Lungsod ng Catbalogan
Pebrero 6-8, 2015

Division GAD Seminar Anti-VAWC Act of 2004
Kagawaran ng Edukasyon, Lungsod ng Catbalogan
Disyembre 13-17, 2014

1st Commissioner and Coordinators Jamboree
Lungsod ng Catbalogan
Setyembre 28-Oktubre 1, 2014

Division Organization and Orientation of EPP/TLE Coordinator
Lungsod ng Catbalogan
Agosto 29, 2014

Training Workshop on New School Improvement Plan Program Tools
Lungsod ng Catbalogan
Agosto 19-21, 2014

Division Training on School-Based Feeding Program (SBFP)
Lungsod ng Catbalogan
Hunyo 10-11, 2014

Division Training on Integrated Grade 1 and 2 Teachers on the Implementation
Lungsod ng Catbalogan
Nobyembre 1-4, 2013

Division Sports Coaching and Officiating Refresher Course
Lungsod ng Catbalogan
Oktubre 30-Nobyembre 1, 2013

**SALINGKURANG PAGSASANAY NA DINALUHAN**

The Most Functional Kindergarten and SPED Classroom
Distritong Lebel na Paligsahan
Unang Pwesto
Oktubre 2016

Coach on District Festival of Talents (Folk Dance)
Unang Pwesto

Coach on Science Quiz Bee
Unang Pwesto